

ANG

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Bayan

Vol. XXVIII No. 4

Edisyong Pilipino

Oktubre-Disyembre 1998

Editorial

Palawakin at patindihin ang rebolusyonaryong pakikibaka!

Ang krisis na humahalukay sa pandaigdigang sistemang kapitalista ay walang-alinlangang katibayan ng kawastuan ng rebolusyonaryong linya ng Partido. Pinatutunayan nito ang malalim na batayan at mahigpit na pangangailangan ng armadong rebolusyon sa Pilipinas at iba pang bayang malakolonyal at malapyudal.

Ang mismong mga pangyayari sa araw-araw ang naglalandad sa kahungkagan ng imperyalistang “globalisasyon” at nagwawarat sa ilusyon na pwedeng umalpas sa mga saligang suliranin ng bayan sa pamamagitan ng pambansa at makauring kolaborasyon. Ang malawak na masa ng sambayanan ay itinutulak ng mga kabuktutan ng neokolonyalismo at malapyudalismo sa sukdulang desperasyon; wala silang madudulugan kundi ang sarili nilang paglaban.

Ang pinakamahigpit na tungkulin ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa ganitong kalagayan ay ubos-kayang palawakin at patindihin ang demokratikong rebolusyong bayan. Kailangang patindihin ang pakikibakang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista at alinsunod rito, isulong ang armadong pakikibaka, rebolusyonaryong kilusang masa at pambansang nagkakaisang prente sa mas mataas na antas.

Nangangahulugan ito, una, ng mapangahas na pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos ng masa sa rebolusyon. Maaari at dapat lampasan ang dating antas ng pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa upang abutin at pamunuan ang mas malaking bulto ng milyun-milyong mamamayan. Nasa antas tayo ngayon ng ilampung libong kadre at aktibista na nasa bag-as ng ilandaang libong organisadong masa na namumuno sa mamamayang ilang ulit ang laki. Napakainam ng sitwasyon para ang bilang na ito ay paabutin sa mas maraming puonglibo na nasa bag-as ng organisadong masang sumasaklaw sa mas maraming daanglibo. Pagkatapos, dapat desididong abutin ang ilandaang libo na nasa bag-as ng ilang milyong organisado para makakabig at makapamuno ng mas maraming milyong mamamayan sa rebolusyon.



Para makamit ito, kinakailangan iangat sa mas maunlad na antas ang gawain at kakayahan ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa pag-oorganisa at propaganda. Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ay nagpaalab ng sigla ng mga kadre, mandirigma at aktibista sa gawaing masa. Pero marami pang patlang at kahinaan sa gawaing masa natin, laluna sa pag-oorganisa na may tendensyang matagal na mapako sa isang mababang antas at sa gawaing propaganda na may tendensyang maging pabugsu-bugso at makitid sa halip na tuluy-tuloy at tunay na malawakan. Lagi rin nating tandaan na—sa kabila ng mabilis na pag-abot at paglampas pa sa dating ruok ng lawak sa mga sulong at paparami pang larangang gerilya—di hamak na mas malaki pang bilang ng baryo ang dapat nating abutin, huwag nang pag-usapan pa ang mga komunidad, pabrika at paaralan sa kalunsuran.

Kailangang mapangahas na palawakin at paigtingin ang iba't ibang anyo ng rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan. Sa panahon ng malakihang krisis at kalagayang ang masa ay ligalig na ligalig, ang mapangahas na pagbubunsod, pagpapalawak at pagsusulong ng paglaban ng mamamayan ang mismong pinakamabisang paraan ng pagpukaw at pag-oorganisa sa kanila. Basta't malawakang napupukaw at nahihikayat ang masa na lumahok sa mga pakikibaka, tiyak na ibayong bibilis ang pagbubuo at pagpapalakas ng mga organisasyong masa at ang pagpapalawak ng Partido at iba pang mga lihim na rebolusyonaryong organisasyon.

Sa mas maraming lugar, lubhang nahuhuli ang ating kakayahan kung ihahambing sa kahandaan at kasigasigan ng masa sa organisasyon at pakikibaka. Sari-saring

suliraning manipestasyon ng krisis at masidhing pagsasamantalang imperyalista, pyudal at malapyudal ang nagnanaknak at humihyaw ng maagap na aksyon. Dapat harapin ang mga ito at matatag na pamunuan ang mamamayan sa sama-samang paglaban, alinsunod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Dapat determinadong palawakin at paigtingin ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Nakalatag sa buong bansa ang mga pwersa at larangang gerilya ng BHB, masiglang sumusulong ang pagbawi, pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa. Ang tumitinding mga kahayupang nagtutulak sa malawak na masa sa mas masahol na pagkabusabos ay humihingi ng karampatang tugon sa pag-igting ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Habang lubog sa paghihikahos ang masa, walang taros ang pamamayagpag ng kabulukan, pagkapapet at kasakiman ng mga reaksyunaryong naghaharing uri, gayundin ang panunumbalik sa kapangyarihan ng mga pinakamasahol na alipures ng pasistang diktadurang Marcos.

Ayon sa antas at mga prinsipyo ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na nakasalalay sa papalawak at papalalim na baseng masa—tungkulin ng Partido at hukbong bayan na paigtingin ang armadong pakikibaka, paramihin ang suntok sa katawan at mas matinding hambalos sa ulo ng reaksyon, at matatag na ipwesto ang armadong pakikibaka sa unahan ng pakikibakang bayan. Habang pursigidong isinusulong at pinalalakas ang iba't ibang anyo ng ligal at iligal na pakikibakang di-armado, dapat mahigpit na tiyak ang patuloy na paglawak at paglakas ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagbubuo ng baseng masa sa kanayunan dahil ang mga ito ang mapagpasya sa sustinidong pag-iipon ng lakas at pagsulong ng pakikibakang bayan sa wastong rebolusyonaryong direksyon.

Kailangan ding palawakin ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Hindi maaaring masigla at tuluy-tuloy na lumawak at lumakas ang rebolusyonaryong kilusan kung hindi bubuin ang pinakamalawak na pakikipagkaisa at pakikipagtulungan sa pinakamalapad na hanay ng mga pwersa at elementong progresibo at demokratiko. Ang masiglang paglawak ng mga alyadong organisasyon ng NDF ang pangunahing nagtitiyak sa patuloy na paglawak at paglakas ng nagkakaisang prente. Sa iba't ibang antas, sa larangang ligal at iligal, yumayabong ang kanilang mga ugnayan, konsultasyon, koordinasyon at kooperasyong bilateral at multilateral sa iba pang pwersang mula sa mga panggitnang uri, gayundin sa mga elemento ng mga reaksyunaryong uri na handang makitungo sa rebolusyonaryong kilusan, kahit pansamantala, sa positibong paraan. »

NILALAMAN

Editorial	1
Ipagbunyi ang Anibersaryo ng PKP.....	3
Krisis sa Kapitalismo.....	4
Panawagan sa Ilokos-Kordilyera.....	10
Hinggil sa CPDF.....	12
Hinaharap ng Kilusang Manggagawa.....	13
Krisis sa Kanayunan.....	18
Danding: 'Padrino' ng reporma sa lupa?.....	19
Pagwawasto sa Samar.....	20
Rebolusyong Agraryo sa Timog Luzon.....	22
Disintegrasyon ng mga Contra.....	23
Bagong Trotskyista.....	24
Bagong Lavaista.....	26
Balita.....	28

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nag-aanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan



“Ipagbunyi ang Ika-30 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas!” — Armando Liwanag

Ipinagdiwang nitong Disyembre 26 ng mga kadre at kasapi ng Partido, kasama ang rebolusyonaryong mamamayan ang ika-30 anibersaryo ng muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Iba’t ibang laki ng pagtitipon ang isinagawa sa mahigit 80 larangang gerilya at daan-daang komunidad sa kalunsuran, na tinampukan ng mga pag-aaral at pangkulturang pagtatanghal. Nagdaos din ng mga pagdiriwang ang mga lihim na grupong nakatalaga sa iba’t ibang espesyal na linya ng gawain, gayundin ang mga kasamang nasa ibayong-dagat.

Tinalakay sa mga pagdiriwang ang mga maningning na tagumpay ng Partido sa pamumuno sa rebolusyon sa nakaraang 30 taon, laluna mula nang ilunsad ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Namamayaning paksa ang paglilinaw sa mga tungkulin para mapangahas na mapalawak at

mapalakas pa ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa harap ng napakalubhang krisis ng sistemang kapitalista sa daigdig at ng lokal na sistemang malakolonyal at malapyudal. Tampok din ang muling pagpapatibay sa paninindigan at pagtataguyod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan.

Inilabas ni Kasamang Armando Liwanag, tagapangulo ng Komite Sentral ng Partido, ang kanyang mensahe na pinamagatang “Ipagbunyi ang ika-30 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas!” Nilinaw dito sa masaklaw pero kongkretong paraan ang mga pangunahing tagumpay ng Partido, ang kasalukuyang sitwasyon sa daigdig at sa bansa, ang kasalukuyang kalagayan ng Partido at kilusan, at ang mga tungkulin ng Partido, kabilang ang matagalang mga tungkulin sa demokratikong rebolusyong bayan.

Tumanggap ang Partido ng mga mensahe ng pagbati at pakikiisa mula

sa mahigit 50 Marxista-Leninistang partido at organisasyon mula sa iba’t ibang rehiyon ng daigdig. Nagkakaisa ang mga mensahe sa pagpansin at pagpuri sa mga tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, sa matatag na muling pagsulong ng Partido at rebolusyon, at malalaking ambag ng Partido sa pagtataguyod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, pakikitunggali sa modernong rebisyonismo, kritika sa imperyalismo, partikular sa mga patakarang neoliberal at pandaigdigang krisis na nilikha ng mga ito, at pagsusulong ng muling pagtitipon at pagpapanibagong-lakas ng mga proletaryong rebolusyonaryong pwersa sa buong daigdig.

Sa mensahe ni Kasamang Armando Liwanag, itinanghal ang PKP bilang abanteng destakamento ng uring manggagawa na ginagabayan ng unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Sa pamamagitan ng 30 taon ng tuluy-tuloy, magiting at makulay na rebolusyonaryong praktika, naitindig ng Partido ang »

Ang pag-ugnay at pamumuno sa malawak na masa ng sambayanan, sa milyun-milyong mamamayan, ay nangangailangan ng mapanlikha at pleksibleng pagsusulong at koordinasyon, sa paraang tuwiran at di-tuwiran, ng iba’t ibang anyo ng pakikibaka, at iba’t ibang antas at tipo ng ugnayan sa pinakamalawak na posibleng hanay ng mga progresibong uri at pwersa sa lipunan. Kakarampot lamang ang mga huwad na progresibong maingay na nagtatangkang agawin ang pansin ng madla at nagpapanggap na progresibo—para lamang makapanlason ng isip ng mamamayan at maisulong ang “third force strategy” ng imperyalismong US sa pang-iintriga at panghahati sa Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Nakadaan na tayo sa mga sitwasyong gaya ng kasalukuyan, na hitik sa mga posibilidad ng mabilis at malaking pagsulong. May panahong tulad ng bago ipataw ang paghaharing militar na mahusay nating naitaguyod ang ating rebolusyonaryong linya at ang mainam na

sitwasyon at kasigasigan ng mamamayan ay matagumpay na naitransporma natin sa mga matagalang tagumpay at pagsulong ng rebolusyon. Mayroon ding tulad noong unang hati ng dekadang ‘80, nang lumuwag ang hawak natin sa ating rebolusyonaryong linya, nalunod tayo sa malalaking posibilidad at natangay ng malulubhang paglihis na humantong sa wala pang kapantay na mga pinsala at pag-atras. Dapat lalong higpitan ang hawak sa mga aral na hango sa mga positibo at negatibong karanasan sa nakaraan.

Habang sinusunggaban ang mga oportunidad at mapangahas na isinusulong ang pakikibaka, lalo nating pag-ibayuhin ang pagpapalakas sa Partido at ang higit pang pag-aangat ng kakayahan nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ang mga panahon ng malalaking pakikibaka ay nangangailangan ng ibayong kapangahasan at katatagan, gayundin ng ibayong sapol at linaw sa mga rebolusyonaryong prinsipyo. **AB**

Sistemang Kapitalistang nasa Krisis



Sa nakaraang isa at kalahating taon, sunud-sunod na sinakmal ng napakatinding krisis sa produksyon, pinansya at kalakalan ang mga bayan at buu-buong mga rehiyon ng daigdig. Unang tinamaan ng unos ang Asya at Japan noong ikalawang hati ng 1997; sumunod na hinambalos ang Rusya noong ikatlong kwarto ng 1998; at inabot pagkatapos ang Amerika Latina, Silangang Europa at Timog Aprika.

Ang ekonomya ng US at Europa ay may naitatala pang paglawak pero bahagya lamang at patuloy ang pagbagal. Higit pa, lunod na sa depresyon at resesyon o di kaya'y nakabahura sa kawalang-sigla ang iba pang bahagi ng daigdig, kaya namamayani sa kabuuan ang pandaigdigang resesyon. Pinakamatindi ang pagliit ng produksyon sa Silangang Asya—ang rehiyong pinakamabilis lumago bago mag-1997 ay siyang—at sa Rusya na bumulusok sa mas malalim pang hukay. Ang US at Europa mismo ay paulit-ulit na niyayanig ng mga matinding ligalig sa mga pamilihan ng stock at pinansya, at patuloy na hinihigop palubog.

Ito ang pinakamalubhang krisis sa ekonomya ng daigdig

pamumuno nito at ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa uring manggagawang Pilipino at sa bagong-demokratikong rebolusyon laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Binigyang-pugay at pinarangalan sa pahayag ang mga rebolusyonaryong martir, mga pultaym at lokal na kadre at kasapi ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma, mga aktibista at militanteng kasapi ng mga organisasyong masa, mga alyado at ang malawak na masa ng sambayanan. Ang kanilang puspusang pakikibaka at mga sakripisyo ang dahilan kung bakit patuloy na umaani ang pambansa-demokratikong rebolusyon ng mga

tagumpay.

Komprehensibong sinuri ni Kasamang Armando Liwanag mula sa punto-de-bistang Marxista-Leninista ang walang kaparis na pandaigdigang krisis, ang mga pagbabago sa kalagayan at operasyon ng imperyalismo at ang mga implikasyon ng mga ito sa muling pagsulong ng proletaryong rebolusyon. Ipinakita niya na ang pandaigdigang krisis ay ibayong nagpapalala sa sosyo-ekonomikong krisis sa bansa, lalong nagpapabilis sa pagkabulok ng reaksyunaryong naghaharing sistema at ibayong nagpapatindi ng mga alitan sa hanay ng mga reaksyunaryo.

Binaybay din niya ang pagpapanibagong-sigla ng mga pwersa ng rebolusyon bunga ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Nanawagan siya sa ubos-kayang pagsusulong ng mga gawain at pakikibaka at ang matatag na pagtataguyod sa mga pangmatagalang tungkulin sa pakikibaka na halaw sa sampung punto ng pangkalahatang Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Sa kanyang paglalagom, mariin niyang idineklara na: “Tiwala ang Partido na ang teorya at praktika ni Mao hinggil sa nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryado ay gagabay dito sa pagpapanday ng sosyalismo, paglaban sa rebisyunismo at paghadlang sa panunumbalik ng kapitalismo hanggang sa magapi ng mamamayan ng buong daigdig ang imperyalismo at maisakatuparan ang ultimong layunin ng komunismo.” **AB**

sa nakaraang 50 taon. Wala pa itong kapantay sa lawak at bilis ng paglaganap, gayundin sa laki ng pagbagsak ng kabuhayan ng mga bansa at mamamayan. Ang lawak at lalim ng pinsala nito sa mga bansa at mamamayan ay ipinapalagay na katumbas o mas malala pa sa Malaking Depresyon ng mga taong 1930.

Sa Asya pa lamang, natunaw sa ilang buwan lamang ang trilyun-trilyong dolyar ng kapital sa mga pamilihan ng stock at mga pautang, bukod pa sa mahigit \$260 bilyong kapital na nasa libro ng kuwenta ng mga kumpanya. Daan-daang bilyong dolyar ng reserbang pondo ng mga bangko sentral ang lumipad sa tangkang pagtatanggol sa mga salaping inaatake ng mga ispekulador. Lumipad ang pinaghirapang impok, biglang umimpis ang kita at nawalan ng hanapbuhay ang milyun-milyong mamamayan. Nalantad ang atrasadong malapyudal na saligang kalagayan ng tinaguriang mga “pamilihang bagong-sibol.”

Nariyan pa ang di hamak na nakararaming bayang ni hindi napaburan kahit ng pansamantalang paglawak na bunga ng pag-eeksport ng mga manupakturang mumurahin o katamtaman ang halaga at malakihang pagpasok ng dayuhang pamumuhunan. Matagal nang hilahod ang mga ito sa hira bunga ng halos dalawa nang dekada ng pagdurusa sa krisis sa utang at pagbagsak ng pandaigdigang pamilihan para sa mga eksport na hilaw na materyales. Ang kasalukuyang krisis ay hindi lamang lalong nagpapadilim ng pag-asa nilang makaahon. Lalo pa silang ibinabaon nito sa mas masahol na karukhaan.

Sa kabila ng mga tangka ng internasyunal na burgesya at ng kanilang mga tagapagpatalastas na

maliitin at adelantadong ideklarang nakalampas na ito, ang krisis ay hindi nawawala. Hindi tumitigil ang pag-iipon ng hangin ng mas malakas pang superbagyo. Ang mga senyales ay nagbabadya ng lalong paglawak at pagtindi ng krisis, dislokasyon at pananalasa.

Tatalakayin sa sumusunod ang tatlo sa pinakamatingkad na katangian ng krisis na ito:

Sobrang produksyon

Sa kaibuturan, ang pangunahing sakit na sumasalanta sa tunay na ekonomya ng pandaigdig na sistemang kapitalista ay ang labis-labis at patuloy pang sumasahol na disbalanse ng sobrang kapasidad sa produksyon at kumikitid na pamilihan. Napakabilis at napakataas ng konsentrasyon ng kapital at akumulasyon ng kakayahan sa produksyon habang bigla at malakihang umuunang base ng pagkonsumo ng masa. Sa iba’t ibang sektor ng industriya, agrikultura at serbisyo, ubod nang luwang at lumuluwang pa ang agwat ng antas ng suplay at antas na pwedeng mabenta sa pamilihan.

Isang tampok na resulta ng sobrang produksyon ang pagsungaw ng problema sa depstasyon: ang pangkalahatang pagbagsak ng mga presyo bunga ng matumal na benta, kalakip ang biglang pagbagsak ng ganansya, kalakalan at produksyon. Tulad ito ng depstasyong humantong sa Malaking Depresyon ng mga taong 1930. Ang Japan at Asya ay saklot na ng depstasyon bunga ng biglang pagliit ng lokal at dayuhang pamilihan para sa kanilang mga produkto at pagkatuyo ng pautang at pinansya—laluna sa maliit at katamtamang-laking mga kumpanya sa Japan, pero pati sa mga pinakamalalaking kumpanya sa iba pang bahagi ng Silangang Asya. Ang mga pangunahing sangay ng industriya sa US at Europa ay binabagabag din ng matumal na benta, lumiliit na pamilihan at bumabagsak na tantos ng tubo.

Mula 1992 hanggang 1995, ang gubyerno ng Japan ay gumasta ng \$535 bilyon para pampasikad ng ekonomyang matamlay mula noon pang 1990. Nitong 1998, dagdag pang \$120 bilyon ang ibinuhos at umabot sa 10% ng kabuuang produksyong lokal ang depisit sa badyet. Mahigit ding \$120 bilyon ang ibinuhos ng IMF mula 1997 bilang “panaklolo” sa mga bansa sa Asya. Pero mas mabilis na lumiit ang pribadong konsumo, kaya hindi napigilan ang ganap na pagkahulog ng Japan sa resesyon. Mga 65% lamang ng kapasidad sa produksyon ang gumagana, umabot sa unang pagkakataon sa 4% ang disempleyo, pero patuloy pang tumataas ang imbentaryo ng mga kumpanya na umabot sa 12% ng benta, doble ng dating pinakamataas na antas.

Sa industriya ng sasakyan sa buong mundo, ang kasalukuyang lampas ng produksyon sa pamilihan ay tatlong ulit ang laki kung ihahambing sa antas noong mga

Pagbagsak ng produksyon sa Asya

(tontos ng paglawak ng lokal na produksyon o *gross domestic product*)

	1996 (aktwal)	1997 (taya)	1998 (taya)	1999 (taya)
Tsina	9.6	8.8	7.6	8.3
Indonesia	8.0	4.6	-15.0	-0.6
Malaysia	8.6	7.8	-5.8	0.9
Pilipinas	5.7	5.2	-0.2	2.0
Thailand	5.5	0.7	-8.0	-1.0
Japan	3.8	1.0	0.3	n.a.
Timog Korea	7.1	5.5	-7.0	-1.0

n.a. - not available o walang datos

taong 1970. Tinatayang sa taong 2000 ang sobrang produksyon ng sasakyan sa buong mundo ay aabot ng 23 milyon, mas malaki pa sa kabuuang benta sa Hilagang Amerika, ang pinakamalaking pamilihan ng sasakyan.


Ang pagbagsak ng mga ekonomya ng Silangang Asya na tinatayang responsable sa kalahati ng pandaigdigang paglago at dalawang-katlo ng paglawak ng pandaigdigang kalakalan sa nakaraang ilang taon ay malaking tibag sa pandaigdigang pamilihan. Mula kalagitnaan ng 1997, bumagsak ng 30%—at umabot sa pinakamababang antas nito sa mahigit 25 taon—ang presyo ng lahat ng produktong agrikultural at mineral na hilaw at bahagyang naproseso. Napakatinding hagupit nito sa mga atrasadong bayang nakasalig sa ganitong tipo ng eksport.

Ang taunang tantos ng paglago ng mga industriyalisadong bayang kapitalista sa kasalukuyang dekada ay mahigit lamang nang bahagya sa 2%, di hamak na mas maliit kumpara sa 5% karaniwang tantos noong dekadang 1950 at 1960. Upang palakihin ang tantos ng ganansya sa kalagayang mabagal ang kabuuang paglago at papaliit ang pamilihan, ang mga kapitalista ay bumaling sa sagad-sa-butong pagpapaliit ng gastos, pagbabagong-istruktura at *reengineering*. Kalakip ng mga ito ang mas malawakang paggamit ng kompyuter at mataas na teknolohiya, biglaang pagbabawas ng empleyo, at mga higanteng pagsasanib at paglalamunan ng mga korporasyon.

Ang mga maniobrang ito ng monopolyong kapital at oligarkiya sa pinansya ay todong napairal sa panginigababaw ng neoliberal na patakaran sa deregulasyon, pribatisasyon (pagluluwag sa pribadong negosyo) at pagkontra sa implasyon. Habang ibinibigay ang lahat ng luwag at pag-engganyo sa konsentrasyon, operasyon at pagpapalaki ng monopolyong kapital, walang patawad ang pag-atake sa diumanong implasyon sa sahod at pagtanggap sa “maga” sa gastos ng guberno sa pamamagitan ng paglaslas ng mga empleyado ng guberno at pondo para sa mga serbisyo at kagalingang panlipunan.

Ang resulta ay paglago na kumikitil ng hanapbuhay, paglobo ng disempleyo sa 35 milyon sa mga industriyalisadong bayan, pagbagsak ng tunay na halaga ng sahod at kita ng karaniwang mamamayan, at patuloy at mabilis na pagliit ng base ng pagkonsumong masa sa mga bayang kapitalista. Kaalinsabay ang ibayo pang pagtindi ng konsentrasyon ng kapital at pagmonopolyo ng mas dambuhala pa pero mas maliit na bilang ng monopolyong korporasyon sa pinansya, produksyon at pamilihan: Namayani sa mga pangunahing sangay ng negosyo ang labanang sa panalo ang lahat at talo ang maging pangalawa. Ibayong pinabilis ng mataas na teknolohiya ang konsentrasyon at sentralisasyon ng kapital,

“Ang pagtumba ng mga salapi at pamilihan ng stocks, bono at real estate sa Silangang Asya ay nagpasuray ng salapi at pamilihan ng stocks sa buong mundo, yumanig maging sa US at Europa, at gumulagulanit sa alamat ng imperyalistang ‘globalisasyon.’”



Pagbagsak ng mga pamilihan ng stocks

gayundin ang pag-inog ng produksyon, kalakalan at negosyo at pagkawala ng silbi ng mga pabrikang mahusay pang umaandar. Ibayong pinabilis din ng manipulasyon sa pinansya at sobra-sobrang pangungutang ang agresibong pagpapalawak, gayundin ang akumulasyon ng kapasidad na sobra-sobra sa laki ng pamilihan.

Mabilis na tumaas ang imbak ng mga produktong hindi mabili. Gabundok ang tambak ng makinarya at mga gusaling hindi mapaandar nang may ganansya. Sa kabila ng lawak at tindi ng pananalasang nagawa na ng kasalukuyang krisis, umpisa pa lamang ito ng paghalukay sa sistemang kapitalistang di matunawan. Ang pagsaid sa sobra-sobrang kapasidad ay magiging batbat ng mas marami at mas makayanig-mundo pang mga unos.

Krisis sa salapi at pinansya

Ang bigla at matarik na pagbulusok ng halaga ng salapi ng mga bansa sa Silangang Asya at pagkatapos, ng Rusya—karugtong ang deistabilisasyon at pagtungo sa koma ng buu-buong ekonomya ay tampok na katangian ng kasalukuyang krisis at dala ng malayang daloy ng puhunan at pinansya na iginigiit ng oligarkiya sa pinansya sa buong mundo. Mula nang pumutok ang krisis, bumagsak nang 80% ang halaga sa dolyar ng rupiah ng Indonesia, at nang 40% ang won ng Timog Korea at baht ng Thailand. Kalakip ng gayong pagbulusok ang pagkatuyo ng pautang at pamumuhunan, abot-langit na tantos ng interes, maramihang pagkabangkrap ng mga kumpanya at negosyo, pagsubsob ng produksyon at kalakalan, at pagragasa ng napakataas na implasyon.

Ang liberalisasyon at deregulasyon sa labas-pasok ng dayuhang puhunan at ganansya, at ang pagtatali

ng halaga ng salaping lokal sa dolyar, ay reseta ng IMF-WB sa mga bayang neokolonyal at dependyente para umakit ng dayuhang pamumuhunan na inaasahang pangunahing magpipinansya ng produksyong pang-eksport. Sa kabilang banda, inilako ng World Bank sa mga bangko at mamumuhunan ng Kanluran ang konsepto ng “emerging markets” (“pamilihang sumisibol” at labas sa mga establisadong sentro ng pinansya) at tinustusan nito ang binhing pondo para palaganapin ang pamumuhunan sa bono, real estate at pamilihan ng stock sa mga nasabing bansa.

Ang ganansyang umaabot sa 42% noong 1988 at 98% noong 1989 sa gayong pamumuhunan sa Asya ang nagpaimbulog sa mga “pamilihang sumisibol” at lumikha ng paghugos mula 1993 na biglang nagpalobo sa pamilihan ng stocks, bono at real estate sa Silangang Asya, umabot sa rurok nang pumasok ang \$93 bilyon sa Timog Korea, Indonesia, Thailand, Malaysia at Pilipinas noong 1996, at nagbigay sa “globalisasyon” ng milagrosong kinang.

Pero mula 1994 tuluy-tuloy na nawalan ng hangin ang pagsusulong nila ng eksport at tumindi ang depisit sa kalakalan bunga sa kalakhan ng pagkawala ng kanilang ungos sa presyo pagkatapos ng opensiba sa eksport at debalwasyon ng Tsina at pagbaba ng halaga ng yen ng Japan. Ang buhos ng ispekulatibo at panandaliang pondo ng sumunod na mga taon ay nagtakip sa lumalalang depisit, nagsustini sa sobrang halaga ng salaping lokal, at lumikha ng malaking bula ng pangungutang at ispekulasyon sa pinansya.

Nang umatake sina George Soros at mga kasabwat na ispekulador noong 1997, bumagsak ang halaga ng mga salapi sa Silangang Asya pagkaraan ng ilang linggo at mahigit \$100 bilyong reserba ng mga bangko sentral sa rehiyon ang naglaho sa bigong pagtatanggol sa halaga ng kanilang salapi. Bumaling palabas ang hugos ng dayuhang pondo na umabot sa \$12 bilyon para sa Timog Korea, Indonesia, Thailand, Malaysia at Pilipinas, ibig sabihin, \$105 bilyon (\$12 bilyon at ang naunang ipinuhunang \$93 bilyon) na pagbaligtad ng daloy ng pinansya noong 1997, o katumbas ng 11% ng pinagsamang taunang produksyon ng mga nasabing bayan. Sa loob ng ilang buwan bumagsak ng 60% ang kabuuang halaga ng stocks sa pamilihan ng Asya.

Ang pagtumba ng mga salapi at pamilihan ng stocks, bono at real estate sa Silangang Asya ay nagpasuray ng

salapi at pamilihan ng stocks sa buong mundo, yumanig maging sa US at Europa, at gumulagulanit sa alamat ng imperyalistang “globalisasyon.” Pagkaraan ng sandaling pagkalma noong Enero at Pebrero 1998, muling bumagsak ang mga salapi at pamilihan ng stocks sa Silangang Asya. Noong Setyembre 1998, ang pamilihan ng stock sa Japan ay bumagsak sa pinakamababang antas nito sa nakalipas na 12 taon. Dahil hindi natangay ang US at Europa ng pangalawang pagsubsob ng Asya, kumakalat na ang palagay na ang krisis ay sa Asya lamang nang pumutok noong Agosto 1998 ang debalwasyon ng ruble at solong desisyon ng Rusya na tumigil sa pagbabayad sa utang. Muling tinamaan ng daang bilyong dolyar na pagkalugi

ang mga bangko at mamumuhunan ng US at Europa at ito ay sinundan ng pagbulusok ng mga pamilihan ng stocks na tumunaw ng \$4 trilyon ng yamang pinansyal sa buong mundo.

Ang labis na kabuwayan ng pandaig-digang sistema sa pinansya ay bunga ng sobra-sobrang

**SA WALA PANG KAPANTAY NA LAKI NG BULA NG
ISPEKULASYONG NAMAMAYANI SA MGA PAMILIHANG
PINANSYAL, ANG AKYAT AT BABA NG PRESYO NG
MGA PAPEL NA IBINEBENTA SA MGA ITO AY MAY
SARILING BUHAY SA ALAPAAP GAYA NG IPINAPAKITA
NG PATULOY NA PAGSIRIT NG PRESYO NG STOCKS
SA WALL STREET HABANG PAPASUBSOB ANG
GANANSYA AT KITA NG MGA KORPORASYONG
NAKALISTA SA PAMILIHAN.**

manipulasyon, pag-abuso at ispekulasyon sa pinansya habang ang tunay na ekonomya ay pinahihirapan ng sobrang produksyon, kumikitid na pamilihan at bumabagsak na tantos ng ganansya. Ang bula ng pangungutang at ispekulasyon sa mga “pamilihang sumisibol” ay maliit na bahagi lamang ng bulang umiiral sa buong sistemang kapitalista. Ang halaga ng mga transaksyon sa mga pamilihan ng stock ay 30 hanggang 40 ulit sa tunay na halaga ng aktwal na halaga ng nayayari ng buong mundo. Ang transaksyon sa pandaigdigang pamilihan ng salapi ay halos \$2 trilyon araw-araw, kumpara sa mga \$5 trilyong halaga ng eksport ng buong mundo sa isang taon. Sa wala pang kapantay na laki ng bula ng ispekulasyong namamayani sa mga pamilihang pinansyal, ang akyat at baba ng presyo ng mga papel na ibinebenta sa mga ito ay may sariling buhay sa alapaap gaya ng ipinapakita ng patuloy na pagsirit ng presyo ng stocks sa Wall Street habang papasubsob ang ganansya at kita ng mga korporasyong nakalista sa pamilihan. Ang hanging nagpapalutang sa bula ay ganap na nakasalalay sa pagsusutini at patuloy na pagpapalaki ng daloy ng pondong itinataya sa dambuhalang gulong ng ispekulasyon. At para mantinihin ang naturang daloy, sari-sari, salasalabat at sapin-saping mga transaksyon, instrumento ng pagbebenta at pagbili, at mga salamangka ng istatistika, pagtaya at paghula ang ginagamit para higupin ang mga impok ng

mamamayan, mga reserba at pondo ng mga gubyrerno at lahat ng klase ng institusyong pribado at publiko sa lahat ng sulok ng mundo. Bukod sa mga institusyunal na ispekulador na nakabase sa mga higanteng bangkong komersyal at pampamuhunan, empresang broker ng stocks, kumpanya sa seguro, atbp—kasabwat sa paghihip at pagpapalutang ng bula ang burges na masmidya, mga bayarang akademiko, mga upisyal ng mga imperyalistang gubyrerno, at mga internasyunal na institusyong gaya ng IMF-WB. Panggagantso ang tawag dito sa karaniwang buhay ng mga karaniwang tao.

Si Soros ay isang partikular lamang na tipo ng ispekulador na tipikal sa mga pinansyal na opereytor sa mga pandaigdigang sentro ng pinansya. Kahanay niya ang pinakamalalaking mga bangko at iba pang higante sa pinansya sa New York, London at Tokyo, na parang lagareng Hapon na may kain sa pagsulong at pag-urong, na naghahabol ng bilyun-bilyong dolyar na superganansya sa bawat galaw ng presyo sa pamilihan, maging paakyat man o pababa, sa paghugos papasok at maging sa paghugos papalabas ng pondong itinataya sa alinmang pamilihang pinakamataas ang lipad sa isang panahon. Sa katunayan, pagdating ng panahon ng pagbagsak, ang mga kinatawan at tauhan ng mga naturang oligarkiya sa pinansya pa rin ang lumuluto ng mga “paketeng pansagip” at kumikita pa uli bilang kapartner ng IMF sa implementasyon ng “programa sa pagbawi.”

Krisis sa Pautang

Ang buong pandaigdigang sistemang kapitalista ay karagatan ng utang na habang lumalao’y lalong lumalalim at lumalawak at lalong lumalabo ang posibilidad na mabayaran. Ang pandaigdigang krisis na ito na bunga ng walang katulad na pag-abuso sa sistema ng kautang ay isang malaking pinagmumulan ng bilyun-bilyong dolyar na superganansya ng oligarkiya sa pinansya at kaalinsabay, nangungunang dahilan ng kawalang-tatag ng sistemang pinansyal sa nakaraang dalawang dekada at sa nakaraang dalawang taon ay humantong na sa deplesyon ng kautang na matinding nagkakait ng pinansya at lalong nagpapalalim ng depresyon sa malaking bahagi ng mundo.

Pumutok noong maagang bahagi ng dekadang 1980 ang krisis sa utang ng mga atrasadong bayan nang nagbanta ang Mexico at ilan pang bansang titigil sa pagbabayad ng utang sa labas, bagay na yumanig sa sistema ng pagbabangko ng mga kapitalistang bayan. Bago niyon, inengganyo ng mga pandaigdigang bangko ang pangungutang ng mga gubyrerno ng mga atrasadong bayan dahil umaapaw sila sa pondong hindi maipamuhunan dahil sa istagplasyong namamayani sa Kanluran. Malaking bahagi ng kautang ay nawaldas sa korupsiyon, pagtustos

Mga Luging Pautang

Bansa	Halaga (\$ bilyong)	% ng buong kautang ng mga bangko
Thailand	80	48
Malaysia	35	33
Indonesia	36	61
Timog Korea	122	33
Japan	842	13

Todo-todong nagpahiram ang mga bangko sa mga ispekulatibong mamumuhunan na nag-ambag sa pagpapalobo ng mga pamilihan lalo na sa Timog-Silangang Asya noong maagang bahagi ng mga taong 1990. Kasabay ng pagputok ng lobo ng mga “sumisibol na pamilihan” ay ang paglobo naman ng di mabayaranang utang. Binabagabag nito ngayon ang mga sistemang pampinansya laluna ng bansang Japan.

ng maluhong konsumo ng mga reaksiyunaryong naghaharing uri, pagpondo sa militarisasyon at kontra-rebolusyonaryong digma, at iba pang di-produktibong gastos tulad ng mga proyekto at palabas na pang-aliw sa mga turista. Nang bumagsak ang pandaigdigang pamilihan ng mga eksport na hilaw na materyales mula 1979, marami sa mga bayang nangutang nang malaki ang nawalan ng kakayahang patuloy na maghulog sa taunang bayarin sa prinsipal at interes.

Doon nag-umpisa ang trabaho ng IMF-WB bilang kolektor ng kautang ng mga bangkong komersyal at mga gubyrerno ng Kanluran, at tagapataw ng mga kundisyon at “structural adjustment” na pwersahan at malawakang dumistrungka sa mga istruktura at patakaran sa ekonomya, kalakalan, pananalapi, pagbubuwis at pagbabadyet ng mga bayang lubog sa utang. Higit pa, ang mga atrasadong bayang lubog sa utang ay inobligang maghigpit ng sinturon, magbenta ng “hiyas ng pamilya”, pumayag na lalong magkasira-sira ang dati nang primitibong mga serbisyong panlipunan, pumayag na masakripisyo ang produksyon ng pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan ng mamamayan, pumayag na mahigpit na kontrolin ng mga dayuhan ang lahat ng pinakamahalagang bahagi ng ekonomya, at sumunod sa lahat ng dikta sa deregulasyon at liberalisasyong pabor sa dayuhang kapital—makabayad lamang sa utang. Isinakripisyo ng mga bayang lubog sa utang ang anumang kayamanan at pag-unlad na naipon sa nakaraang ilang dekada, ibayong tumindi ang paghihikahos ng kanilang mamamayan. Sinalanta ng taggutom, epidemya at mga alitang etniko at relihoyoso ang malalawak na bahagi ng mundo. Pero sa kabila ng lahat ng ito, hindi nabawasan kundi lalong lumaki ang kabuuang utang, lalong lumala sa halip na maibsan ang krisis sa kautang.

Nang mag-umpisa ang krisis, ang kabuuang utang sa

labas ng mga atrasadong bayan ay halos \$600 bilyon. Umabot iyon sa \$1086 bilyon noong 1986, sa \$1419 noong 1992, at \$2000 bilyon noong 1995 (kasama ang utang sa labas ng dating blokeng Sobyet). Mula 1980 hanggang 1992, ang kabuuang bayad sa prinsipal (\$891 bilyon) at interes (\$771 bilyon) ay tatlong ulit ng orihinal na laki ng utang noong 1980. Pero pagkatapos niyon, ang suma ng utang na dapat pang bayaran ay isa at kalahating ulit pa rin ang laki sa pinag-umpisahan. Gaya ng isang magsasakang hawak sa leeg ng usurero, ang mga atrasadong bayan ay pwersado nang mangutang sa mas mataas na interes para lamang makapaghulog sa mga bayarin sa dating utang. Mula 1984, mas malaki ang ibinayad ng mga gubyerno ng mga bayang lubog sa utang kaysa sa bagong pautang at ayudang natanggap nila mula sa gubyerno at bangkong komersyal ng mayayamang bayan at IMF-WB. Palabas hindi papasok ang netong daloy ng pondo sa mga transaksyon ng gubyerno.

Habang nagpapatuloy ang dating krisis sa utang ng mga atrasadong bayan, ang krisis sa Asya ay naglantad sa panibagong aspeto ng pandaigdigang krisis sa pautang: ang bundok ng utang ng mga pribadong kumpanya na nagdadagdag ng mas malaki pang banta sa buong sistemang pampinansya ng mundo. Sa panahon ng bula at pag-uunahan ng mga pribadong bangko at empresang pinansyal na makakuha ng malaking hati sa malaking kita sa mga “pamilihang sumisibol,” dumagsa ang murang pautang na sinakmal naman ng mga kumpanyang nangutang nang sobra-sobra para agresibong magpalawak ng hati sa pamilihan. Ibayong nagpabilis at nagpatindi ito ng akumulasyon ng sobrang kapasidad at krisis sa sobrang produksyon. Nang pumutok ang bula, tambak din ang utang na di mabayaran.


Sa mga bayan ng Silangang Asya na pinakamatinding tinamaan ng krisis, tinatayang ang utang ng karaniwang kumpanyang nakalista sa pamilihan ng stocks ay 400% hanggang 600% ng kanilang puhunan. Ang pautang na lugi ay katumbas ng 50% hanggang 100% ng kabuuang produkto ng maraming bayan sa rehiyon. Nalumpo ang sistema ng pagbabangko sa mga bayang matinding tinamaan dahil nalugi ang napakalaking bahagi (20% o mahigit pa) ng kanilang pautang sa mga negosyante sa real estate, konstruksyon at iba pang pribadong kumpanya.

Ang labis-labis na pasanang pautang ay sumasakal hindi lamang sa mga bangko kundi sa buong ekonomya. Ibayong nagpapabigat sa pasanang ito ang bundok ng luginang pautang;

**HABANG NAGPAPATULOY
ANG DATING KRISIS SA
UTANG NG MGA
ATRASADONG BAYAN,
ANG KRISIS SA ASYA AY
NAGLANTAD SA
PANIBAGONG ASPETO
NG PANDAIGDIGANG
KRISIS SA PAUTANG:
ANG BUNDOK NG UTANG
NG MGA PRIBADONG
KUMPANYA NA
NAGDADAGDAG NG MAS
MALAKI PANG BANTA SA
BUONG SISTEMANG
PINANSYAL NG MUNDO.**

lalo silang nakasalig sa pondong magmumula sa labas para sa daan-daang bilyong dolyar na kailangan para linisin ang luginang pautang at muling mapagana ang pagpapautang. Pero ang pangungutang nila ay tatlong ulit na mas mahal ngayon kaysa noong bago ang krisis. Wala pang katiyakan kung may handang magpautang dahil mas patindi pa sa halip na pahupa ang pangkalahatang pag-urong ng pamumuhunan at pautang. Ang kabuuang daloy ng tuwirang dayuhang pamumuhunan sa mga “pamilihang sumisibol” ay bumagsak sa \$186 bilyon mula sa \$300 bilyon noong 1996, at tinatayang bababa pa sa \$119 bilyon sa 1999. Higit pa, ang buong sistema ng pautang ay labis-labis nang banat sa pag-apula sa sunog na patuloy na lumalaki at mabilis na kumakalat.

Ang Japan ay saklot din ng napakatinding krisis sa utang. Tinatayang halos \$600 bilyong pautang ng mga bangkong Hapones ang lugi. Mahigit \$270 bilyon ang pautang nila sa Asya. May mga ibang nagpapalagay na ang problema ng mga bangkong Hapones sa luginang pautang ay maaaring doble pa sa naiulat. Labing-apat sa 21 pinakamalaking bangko (kabilang ang ilan sa pinakamalaki sa buong mundo) ay may napakataas na tantos ng luginang pautang. Itinutulak ng US ang gobyernong Hapones na lutasin nang mabilis ang krisis sa bangko dahil ito ang malaking dahilan sa patuloy na pagliit ng pribadong pamumuhunan at pautang sa Japan. Hindi lamang sa Japan ang peligrong dulot nito dahil sa kabila ng krisis, nananatili ang Japan bilang numero unong bansang nagpapautang.

Ang pautang ng mga bangko ng Europa sa Asya ay katumbas ng 49% ng kabuuang kapital nila. Matindi na ang tamang ito, pero di hamak na mas matindi pa ang hagupit sa kanila ng pagtigil ng pagbabayad ng utang, pagbagsak ng mga pangunahing bangko ng Rusya, at ibinungang pagtalilis ng kapital sa iba’t ibang sulok ng daigdig. Ang mga bangko ng US na nag-aakalang nakaiwas sa tindi ng krisis sa utang ng Asya ay mas malakas pang yinanig ng krisis sa Rusya at nagbabantang tumbukin ng unos ng Amerika Latina. Malaking porsiyento ng mga pautang ng mga pandaigdigang bangko ang wala nang pag-asang mabawi, at ito ay titipak sa malaking bulto ng puhunan ng buong sistema sa pagbabangko at magpapatumba kahit sa pinakadambuhalang mga bangko. Kaalinsabay, ang krisis sa pautang ay lalong magpapalalim at magpapatagal sa dislokasyon ng produksyon at maghahasik ng ibayo pang lagim sa mundo. 

Panawagan sa Ilokos-Kordilyera

Pangibabawan ang mga sagka! Kamtin ang lahatang-panig na pagsulong!


Idinaos noong Hulyo 1998 sa isang sonang gerilya sa Hilagang Luzon ang kumperensya ng rehiyong Ilokos at Kordilyera.

Layunin ng kumperensya ang pagsusulong ng pangkalahatang konsolidasyon ng Partido, ang paglulubos ng kilusang pagwawasto at pagharap sa mga suliraning kritikal para sa tuluy-tuloy na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Pinagtibay ang mga paglalagom ng Ilokos at Kordilyera. Sinuri ang obhetibong kalagayan ng dalawang rehiyon. Niresolba ang usapin hinggil sa katangian at kaayusan ng CPDF. Pinalalim ang rebolusyonaryong linya hinggil sa mga katutubong magbubukid. Hinarap ang pangangailangan sa paglulunsad ng rebolusyong agraryo. Naghalal ng bagong pamunuan at binuo ang tatlong taong programa ng pagkilos ng pinagsanib na rehiyon.

Ang sumusunod ay halaw sa mga dokumentong “Tatlong Taong Suma sa Gawain sa Pulitika” at “Programa ng Pagkilos ng Organisasyon ng Partido sa Rehiyong Ilokos-Kordilyera” para sa taong 1999-2001 na binuo at pinagtibay ng kumperensya.

Sa nakalipas na apat na taon, nagtamo ang rehiyong Ilokos-Kordilyera ng maliliit pa ngunit mahahalagang tagumpay sa mga gawain sa partido at pulitika kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Naabot na ng Partido at rebolusyonaryong kilusang masa sa rehiyon ang isang antas ng konsolidasyon at rebolusyonaryong kasiglahan. Tinukoy ang mga panimulang bwelo sa pagpapaunlad ng iba’t ibang rebolusyonaryong gawain.

Sinagip ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang rehiyon mula sa tuluyang pagkawasak. Pinangibabawan ang malalaking pagkakamali at paglihis sa Marxista-Leninista-Maoistang linya sa ideolohiya, pulitika at organisasyon at sa rebolusyong Pilipino.



Gayunpaman, nasalubong ng rehiyon ang malalaki at marami-rami pang suliranin at sagka sa sustenido at lahatang-panig na pagsulong. Kailangang lutasin at pangibabawan ang mga ito. Kailangan ding tukuyin ang direksyon sa pagpapalaki, pagpapalakas at ibayong pagpapahusay ng latag ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa buong rehiyon.

Palakas in ang Partido

Umiiral ang mga salik upang lalong mapayabong ang mga panimulang tagumpay ng nakaraang ilang taon. Kailangang lubusin ang kilusang pagwawasto sa rehiyon upang lahatang-panig na mapalakas ang Partido.

Sa pag-unawa ng sariling mga kamalian, lalong napahigpit ng mga kadre at kasapi ng Partido sa rehiyon ang pagyakap sa Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ipinananawagan ng kumperensya na higit pang itaas ang antas ng teoretikal na kaalaman, laluna ng mga kasapi sa batayang antas. Ang pagsasakatuparan sa tatlong antas na pag-aaral ng Partido ay pag-aarmas upang mabisang maisulong ang mga rebolusyonaryong gawain.


Iwinaksi ng mga kasama ang mga oportunistang linyang sumalanta sa rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Sa larangan ng teorya at praktika, kinakailangang tuluy-tuloy na bunutin ang mga ugat ng nakaraang malalalang disoryentasyon. Dapat labanan kahit ang maliliit na usbong ng militarismo at insureksyunismo. Dapat ding ganap na puksain ang iba’t ibang tipo ng repormismo, indigenismo at lokalismo.

Natatanging tagumpay ng rehiyon ang pagtatanggol sa Partido laban sa panghahati at paksyunalismo. Gayunpaman, hindi pa ganap na napapangibabawan ang

malalaking pinsalang dulot ng mga disoryentasyon. Kinakailangang mabilis na paramihin ang mga kasapi ng Partido na magsasabalikat sa papalaking mga tungkulin. Ang pagbubuo ng panrehiyong organo ng Partido sa Ilokos-Kordilyera ay hakbang tungo sa tuluy-tuloy na pagpapalakas.

Pukawin ang mamamayan

Sumisigla ang anti-imperyalista, antipyudal at antipasistang kilusang masa na nagpapanday sa rebolusyonaryong lakas ng mamamayan sa rehiyon. Upang lalo itong maisulong, kailangang buong higpit at mapanlikhang isanib ang pambansa-demokratikong linya sa partikularidad ng Ilokos at Kordilyera.



Sa Kordilyera, kailangang bigyang-diin ang usapin ng pambansang pang-aapi at pangangamkam ng estado sa lupang ninuno (*ancestral land*) ng mga m a m a y a n g minorya. Ang

rebolusyonaryong gawain sa hanay

nila ay dapat ituon sa kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili at para sa demokrasya.

Kailangang lutasin ang mga teoretikal at praktikal na suliranin kaugnay ng paglalapat at pagtataguyod ng partikular na programang agraryo sa hanay ng mga katutubong magsasaka. Ito'y upang mapatalas ang pag-unawa sa pag-iral ng mga tradisyunal na moda ng produksyon sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Dapat organisahin ang mga mamamayang minorya sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa at sa Cordillera People's Democratic Front ayon sa kanilang katangian at kalagayan.

Sa Ilokos, kailangang ilantad at labanan ang mga kongkretong sabwatan at operasyon ng mga panginoong maylupa at *warlord*. Sila ang naghahari sa reaksyunaryong pulitika at may kontrol sa pang-agrikulturang produksyon at kalakalan. Sila rin ang utak ng mga sindikatong sangkot sa ismagling, iligal na sugal, pagtutulak ng droga at prostitusyon.

Dapat isulong ang mga pakikibakang antipyudal at kamtin ang iba pang kahilingan ng batayang masa sa Ilokos.

Patatagin ang BHB

Ang Bagong Hukbong Bayan sa Ilokos at Kordilyera

ang pangunahing napinsala at humina dulot ng mga pagkakamali at disoryentasyon sa nakaraan. Iwinaksi na ang mga kamalian at nasa landas na ito ng pagpapalakas. Subalit kahit maliit pa ang Hukbo, matatag na pinangingibabawan ng mga mandirigma ang lahat ng malalaking hadlang.

Sumisigla ang gawaing masa sa kanayunan. Panawagan ng Partido na ipatupad at mapanlikhang ilapat ang minimum na programa ng rebolusyong agraryo upang lubos na paunlarin ang rebolusyonaryong kilusang magbubukid.

Kinakailangan ding pagtibayin ang kapasyahan ng mamamayang lumahok sa armadong pakikibaka at pataasin ang kakayahang pangmilitar ng BHB para sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Bibigyan ng masusing atensyon ng lahat ng yunit ng BHB at organo ng Partido ang kampanya para sa maramihang pagrerekluta ng mga Pulang mandirigma. Binubuo ang isang estratehikong programa para lutasin ang mga suliranin sa pagpapasampa. Samantala, nagsasagawa na rin ng mga taktikal na hakbang upang palawakin ang hanay ng BHB.


Palakasin ang kilusang masa

Nitong nakaraang taon (1997-98), bahagyang naparami sa mga sonang gerilya ang bilang ng organisadong masa at kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon. Kailangang konsolidahin, pursigidong palakasin at palakihin ang kasalukuyang mga larangang gerilya at sikaping madagdagan pa ang mga ito.

Mapagpasyang pangi-ngibabawan ang mga problemang sumasagka sa pagpapasigla ng militanteng kilusang masa sa kanayunan ng Kordilyera at Ilokos. Lilikhain ang paborableng kundisyon para sa konsolidasyon at pagpapalawak ng mga sona at baseng gerilya at ang pagpapalaki at pagpapalakas ng hukbong bayan.

Dapat paunlarin ang mga rebolusyonaryong pwersa at ibwelo ang rebolusyonaryong gawain at pakikibaka sa mga sentrong bayan. Magbibigay ito ng suportang pampulitika at pang-organisasyon sa mga sonang gerilya. Bibigyang-atensyon sa mga sentrong bayan ang pagpapalakas at pagsusulong ng kilusang magsasaka at kilusan ng mga mangingisda, kaalinsabay ng pag-oorganisa sa mga panggitnang uri.

Sustenidong palalakasin ang kilusang masa sa lunsod. Nasa gulugod nito ang mga manggagawa, mala-manggagawa, kabataan-estudyante at guro. Kailangang ikawing ang pakikibaka ng mga nabanggit na sektor sa iba pa, tulad ng kababaihan, masang pambansang minorya, iba't ibang grupo ng mababang petiburgesya at mga panggitnang pwersa. Mula sa kasalukuyang saklaw »



Cordillera People's Democratic Front Natatanging Prente ng Mamamayang Kordilyera

Ang katangian at kaayusan ng Cordillera People's Democratic Front (CPDF) ay higit pang nilinaw at pinagtibay ng kumperensya ng pinagsanib na rehiyon ng Ilokos at Kordilyera noong Hulyo 1998. Nilutas ng kumperensya ang anumang natitirang kalabuan at pag-aatubili sa katangian ng CPDF bilang isang alyansa at ipinirmi ang relasyon nito sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika at mga organisasyong masa laluna sa hanay ng mamamayang minorya.

Sa gabay ng KT-KS, nagkaisa ang kumperensya matapos isinaalang-alang ang katangian at obhetibong kalagayan ng mamamayan ng Kordilyera. Ang Resolusyon Hinggil sa CPDF ang magiging gabay sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayang minorya at di-minorya sa Kordilyera para sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Isa sa mga mayor na puntong binigyan ng konsiderasyon ang katangian ng mamamayang minorya ng Kordilyera bilang isang espesyal na grupo. Ang mga usapin sa rehiyon ay hindi maihihiwalay sa kanilang pakikibaka para sa pagpapasya-sasarili.

Binubuo ng iba't ibang uri at sektor ang mamamayang minorya. May ilan sa kanilang napapabilang sa naghaharing uri. Ngunit ang nakararami, na binubuo ng iba't ibang demokratikong uri, ay inaapi at pinagsasamantalahan.

Ang pakikibaka ng mamamayang minorya sa pambansang pang-aapi, ay isinusulong, pangunahin sa balangkas ng rebolusyonaryo at demokratikong prente. Samantala ang pakikibaka ng bawat demokratikong uri ay pangunahing isinusulong at itinataguyod sa balangkas ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Ang maralita, mababang-panggitna at panggitnang magsasaka ng Kordilyera ang pinakamalaking sektor sa rehiyon. Ang kanilang rebolusyonaryong organisasyong masa ang pinakamalaking organisasyon sa loob ng demokratikong prente. Sasaklawin ng organisasyong ito ang mga magbubukid sa "interyor" ng Kordilyera na nagsusulong ng antipyudal na pakikibaka ayon sa partikular na ekspresyon at anyo nito sa lugar.*

Mga Resolusyon

Niresolba sa kumperensya na ang CPDF ay isang rebolusyonaryong prente na nagdadala at naglalapat ng

lina ng demokratikong rebolusyong bayan sa Kordilyera. Pinagsasanib ang pakikibaka ng mamamayang minorya para sa karapatan sa pagpapasya-sasarili at ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa pambansang demokrasya. Sa programa ng demokratikong rebolusyong bayan, nag-aanyo ito sa pagkilala sa panrehiyong awtonomya sa ilalim ng sentral na demokratikong pamahalaang bayan.

Ang prenteng ito ay bubuuin ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga batayang pwersa ng rebolusyon (na kalakha'y mga mamamayang minorya ngunit kinabibilangan din ng mga di-minorya) sa Kordilyera. Isa itong panteritoryong prente na sumasaklaw sa buong rehiyon.

Ang CPDF ang tatayong panrehiyong pormasyon ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas (PDPP) sa Kordilyera. Tulad ng PDPP, itataguyod ang katangiang konsultatibo, kumperensyal at konsenswal sa loob nito. Gayundin, kikilalanin ang kasarinlan at inisyatiba ng bawat alyadong organisasyon.

Sasanib sa CPDF ang mga seksyon ng mga pambansang rebolusyonaryong organisasyong »


nito, dapat palawakin ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa rehiyon.

ANG SITWASYON SA REHIYON at sa buong bansa ay napakapaborable para sa ibayong pagsulong ng rebolusyon. Upang masamantala ito, sisikapin ng rebolusyonaryong kilusan

sa Ilokos-Kordilyera na pangibabawan ang mga sagka at kamtin ang lahatang-panig na pagsulong. Sa gabay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, tiyak na mabilis na susulong ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. **AB**

Hinaharap ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa

Pagpapalakas tungo sa bago at mas mataas na antas



Idinaos noong Setyembre ang Ikalawang Pambansang Kumperensya ng Rebolusyonaryong Kilusang Manggagawa upang higit na pagtibayin ang pagkakaisa ng Partido sa mga tungkulin at patakaran sa pagsusulong ng kilusang manggagawa. Ginanap ang walong araw na kumperensya sa isang sonang gerilya at pinamunuan ng Pangkalahatang Kalihiman at ng Pambansang Kagawaran sa Organisasyon. Dumalo ang mga kadre ng kilusang manggagawa mula sa Kamaynilaan, Hilagang Luzon, Gitnang Luzon, Timog Katagalugan, Bikol, Gitnang Visayas, Silangang Visayas, Panay, Negros, Hilagang Mindanao, Timog Mindanao at Malayong-Timog Mindanao. May tagamasid mula Kanlurang Mindanao at iba pang organo ng Partido.

Sa pamamagitan ng Kumperensya nilutas ang ilang pangunahing usaping kinakaharap ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Mahigpit na pinagkaisahan ang mga tungkulin para sa pambansang pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa bago at mas mataas na antas.

Mahigpit ang pangangailangan at umiiral ang batayan upang ibayong palakasin ang kilusang manggagawa tungo sa bago at mas mataas na antas.

Bunga ng napakalubhang krisis sa ekonomya, lalong naging miserable at api ang katayuan ng mga manggagawang Pilipino. Upang ipagtanggol ang kanilang interes at karapatan, kinakailangang palawakin at palakasin

masa na nasa rehiyon. Sasanib din ang Partido at Bagong Hukbong Bayan sa Kordilyera.

Tutulong ang CPDF sa pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Tulad ng PDPP sa mga larangang gerilya, pinag-iiba ito sa mga binhi ng probisyunal na rebolusyonaryong gubyrerno sa rehiyon.

Labas sa CPDF, maaaring magtayo ng iba pang panrehiyong organisasyon sa Kordilyera. Gayundin, bukas ang larangan para

sa pagbubuo ng mga panteritoryong pormasyon ng CPDF na mas mababa sa antas rehiyon.

Niresolba rin sa kumperensya na lehitimo ang naunang kongreso ng CPDF noong Marso 1989. Bagamat inilunsad sa panahon ng pangkalahatang disoryentasyon ng rebolusyonaryong kilusan, itinaguyod nito ang pamumuno ng Partido, sosyalistang perspektiba at ang dalawang-yugtong rebolusyon. Kinakailangan na lamang na muling isaayos ang konstitusyon at programa ng CPDF upang salaminin ang

itinakdang katangian at ang muling pagpapatibay sa mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo nito. **AB**

**Tinutukoy dito ang mga katutubong magsasaka sa kabundukan ng Kordilyera. Sadyang atrasado at bansot ang produksiyong agrikultural sa mga lugar na ito. Kasalukuyang dumaranas ng matinding dislokasyon at militarisasyon ang mga katutubong magsasaka. Dulot ito ng malawakang pangangamkam ng estado at mga dayuhang korporasyon sa kanilang lupang ninuno.*

ang sama-sama at militanteng pakikibaka ng mga manggagawa.


Sa pamamagitan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, muling pinagtibay ang mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo sa pagsusulong ng kilusang manggagawa. Matatag ding pinuna at iwinaksi ang malulubhang pagkakamali sa nakaraan—habang matatag na nilaban at binigo ang todong pangwawasak ng mga rebisyonistang taksil.

Ang mga panimulang tagumpay sa pagpapanibagong-sigla at -lakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay dapat panghawakang mahigpit ng Partido at gawing batayan ng pagsulong sa bago at mas mataas na antas.

Pambubusabos sa mga manggagawa

Patakarang ng papet na rehimeng Estrada na ipagpatuloy at higitan pa ang dati nang pagbubukas ng ekonomya ng Pilipinas sa imperyalistang “globalisasyon.” Patuloy ang walang habas na pandarambong ng mga monopolyo kapitalistang dayuhan sa ekonomya ng bansa. Patuloy din ang walang habas na pagsalakay sa kapakanan at mga karapatan ng mamamayan, laluna ng mga manggagawa at magsasakang naghihikahos.

Sa ngalan ng islogan “manggagawang *world-class*” itinataguyod ni Estrada ang patakarang sa mura at siil na lakas paggawa bilang pangunahing pang-akit sa mga dayuhang mamumuhunan. Labis-labis ang pagpapahirap sa mga manggagawa sa pamamagitan ng:



(a) **Sahod na pambusabos.** Higit pang pinabababa ang dati nang napakababang sahod. Ang karaniwang minimum na sahod, ayon sa batas, ay P160 bawat araw. Lubha itong napakaliit kung ihahambing sa minimum na halaga ng mga pangangailangan ng isang pamilya, na tinatayang P342.22 bawat araw sa buong Pilipinas.

Masahol pa, malaking bilang ng mga empresa (halos 25% ayon sa sarbey ng DOLE) ang di nagpapasahod nang ayon sa nakatakdang ligal na minimum.

Sahod na pambusabos ang patakarang ng reaksyunaryong guberno para bundatin sa sobrang tubo ang malalaking kapitalistang dayuhan at lokal. Bahagi ng patakarang ito sa sahod ang walang patumanggang pagbawas kung hindi man tuluyang pagtanggap sa mga benepisyonang dapat ibayad sa mga manggagawa; at mga gastos sa produksyong tumitiyak sa malusog at ligtas na kundisyon sa pagtatrabaho.

Isinasagad ang pagpiga, ang pagpapatrabaho nang labis, ang paglaspag sa katawan at isip ng mga manggagawa. Sa kabila nito, lalong tumitindi ang kakulangan sa mga saligang pangangailangan ng pamilyang manggagawa. Ang resulta ay malaki pang pagbulusok sa dati nang abang pamumuhay ng mga manggagawa. Ang paglaganap at paglala ng mga aksidente sa pagawaan, habang sa mga komunidad, ang pananalasa ng mga epidemya, kriminalidad, pagkasugapa sa droga at bisyo at sapin-saping kabulukan ay ilan lamang palatandaan ng mala-impyernong kalagayan ng mga manggagawa.

(b) **Malawakang *dis-employo* at tangalan sa trabaho.** Tatak ng di

industriyalisadong ekonomya ng Pilipinas ang napakalaking bilang ng walang hanapbuhay. Noong Abril, ayon sa dinuktor na resulta ng sarbey ng pamahalaan, umabot na sa 13% ng pwersa sa paggawa o 4.278 milyon ang walang hanapbuhay. Ngunit kung tutuusin, mahigit na sa 20 milyon o kalahati ng kabuuang pwersa sa paggawa ang walang trabaho.



Daan-daang libo pang manggagawa ang nawawalan ng trabaho dahil sa napakalalang krisis. Noong Enero hanggang Oktubre 1998, 2,000 empresa ang naitalang nagsara. Marami pang iba ang nagbabawas ng mga manggagawa katulad ng tampok na kaso ng 5,000 manggagawang sinipa mula sa Philippine Air Lines (PAL). Sa kabuuan, halos 100,000 manggagawa ang nawalan ng hanapbuhay sa panahong ito. Bukod pa ang libu-libong *overseas contract worker* (OCW) na umuuwi dahil nawalan ng trabaho.

(k) **Kontraktwalisasyon at kaswalisasyon.** Sa “deregulasyon” at “pleksibilisasyon” ng paggawa, naging kalakaran ang pagtanggap ng mga manggagawang regular para palitan ng mga manggagawang kontraktwal o kaswal. Umiiral ito hindi lamang sa mga *export-processing zone* kundi maging sa pinakamalaking mga korporasyong industriyal, gaya ng San Miguel Corporation. Ang kontraktwalisasyon at kaswalisasyon ng paggawa ang pangunahin at isa sa pinakamasahol na paraan ng pagpapababa ng sahod, pagkakait sa mga manggagawa ng mga

benepisyo at karapatan, pagpapahigpit ng mga reglamento sa paggawa at pagwasak sa mga unyon.

Tinatayang sa bawat isang regular na manggagawa sa industriya at serbisyo, mayroong anim na manggagawang di regular (kontraktwal, kaswal, aprentis o *part-time*). Ang mga manggagawang ito'y walang seguridad sa hanapbuhay, mas mababa ang pasahod at mas masahol ang kundisyon sa paggawa. Ginagamit sila upang lalong ilubog ang sahod at gawing mas masahol pa ang kundisyon sa paggawa maging ng mga manggagawang regular.

(d) Malaganap at matinding pag-atake sa mga karapatang unyon at iba pang demokratikong karapatan ng mga manggagawa. Kalakarang mahigpit at malupit na pinaiiral sa mga export-processing zone ang patakarang “walang unyon at walang welga.” Tila hayop na ikinukulong sa mga gwardyadong “dormitoryo” ang mga manggagawa para tiyaking hindi sila makapag-oorganisa sa sarili. May *blacklist* ng mga unyonista at welgista.

Buong-lupit na ginagamit ang pulisya at militar upang lupigin ang mga manggagawang lumalaban. Mula Enero hanggang Hulyo, sa naitalang 58 kaso ng paglabag sa karapatan ng mga manggagawa, 53 sa mga ito ang gawa ng PNP/SWAT at AFP.

Malaganap din ang kriminalisasyon ng pagwewelga at iba pang sama-samang paglaban. Sinasampahan ng mga gawa-gawang kasong kriminal ang mga unyonista at welgista, tulad ng ginawa sa mahigit 300 manggagawa ng PICOP Industries sa Agusan del Norte noong Enero at Marso. Ito'y upang magkadahilan ang pulisya, mga bayarang goons ng malaking kapital, na salakayin, dakpin at ibilanggo ang mga manggagawa.

Tahasang idineklara ni Estrada ang patakarang antiwelga kaugnay ng kaso ng PAL, habang may mga panukala sa reaksyunaryong Kongreso na ipormalisa pa ang pagbabawal sa welga. Ang mga amyenda sa mga batas paggawa, laluna ang Herrera Law (RA 6715) ng 1989, ay lalong nagpalaki ng mga ligal na butas at dahilan na magagamit ng mga kapitalista para salakayin ang mga unyon at welga. Samantala, patuloy pang umiiral ang ilang anti-manggagawang batas at dekreto na ginawa pa ng pasistang diktadurang



5 bigwas sa mga manggagawang Pilipino

- sahod na pambusabos
- malawakang disempleyo at tanggalan sa trabaho
- kontraktwalisasyon at kaswalisasyon
- pag-atake sa karapatang unyon at mga demokratikong karapatan
- kataksilan ng mga luma at bagong dilawan

Marcos.

(e) Kataksilan ng mga luma at bagong dilawan.

Sa harap ng napakatinding pagsasamantala at pang-aapi sa masang manggagawa, lalong kasuklam-suklam ang pagtataksil at pagkakanulo sa kanila ng mga luma at bagong dilawan. Ang mga dilawan ay kasabwat ng mga kapitalista sa paglinlang sa mga manggagawa sa tunay na katangian at pamiminsala ng imperyalistang “globalisasyon” at “deregulasyon.” Maraming halimbawa ng mga dilawang lider na tumatayong mga kontratista sa paggawa o kabo mismo. Nakikipagsabwatan sila sa pasistang militar at pulisya sa pagsalakay sa welga at unyon ng manggagawa; at pagbebenta sa pakikibaka ng mga manggagawa.

Pagsulong ng kilusang manggagawa

Malaganap at patuloy na tumitindi ang disgusto at galit ng masang manggagawa. Palatandaan ng nagbabadyang paglawak at pagtindi pa ng mga welga at iba pang pakikibaka ng mga manggagawa ang mahigit 35,000 manggagawang lumahok sa militanteng demonstrasyon noong nakaraang Mayo 1.

Kapansin-pansin ang biglang pagdami ng welga. Mula Enero hanggang Abril lamang, 40 welga na ang naitala, katumbas ng bilang ng welga para sa buong taon ng 1997. Pumutok ang welga sa malalaking empresa tulad ng PAL, PICOP, Philippine Long Distance Telephone Company (PLDT) at Light Railway Transit (LRT) na nilahukan ng libu-libong manggagawa. Tampok sa mga welgang ito ang paglaban sa kontraktwalisasyon, mga paglabag sa CBA (*collective bargaining agreement*) at para sa karagdagang sahod at mga benepisyo.

Sumusulong sa buong bansa ang pakikibaka ng mga manggagawa para sa P100 dagdag sa minimum na

arawang sahod. Bigo ang pagtatangka ng reaksyunaryong estado at mga dilawang lider na tabunan ang usapin ng sahod, hadlangan at iligaw ang pakikibaka para dagdagan ito.

Lumalaki ang bilang ng mga manggagawang lumalahok sa mga pakikibakang anti-imperyalista at antipasista. Libu-libo ang lumahok sa mga aksyong protesta laban sa tangka ni Ramos na patagalin ang panunungkulan niya sa Malakanyang sa pamamagitan ng pag-amyenda sa konstitusyon. Umani ng malawak na suporta ang *Lakbayan Laban sa Kahirapan at Imperyalistang Pandarambong* noong Oktubre 1997, na pinagtulungan pangunahin ng mga manggagawa at magsasaka. Nangunguna rin ang mga manggagawa sa malawakang pagtutol ng mamamayan sa pataas nang pataas na presyo ng gasolina.

Lumalakas ang militante at progresibong unyonismo. Dumarami pa ang mga unyong humahanay sa mga militanteng pederasyon at sentrong manggagawa bunga ng hangad ng masa ng uri na palawakin ang militanteng pagkakaisa at paglaban. Lalong nalalantad ang pagkabangkarote ng oportunismo at kolaborasyonismo ng mga luma't bagong dilawang lider at pederasyon.

Masiglang sumusulong ang kilusang pagwawasto sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Naiwaksi at napawi na sa kalakhan ang magkakambal na oportunistang linya ng insureksyunismo at ekonomismo. Ang pamamayagpag ng mga oportunistang linyang ito, laluna noong huling bahagi ng dekada '80, ay nagpahina at matinding puminsala sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Tampok dito ang malubhang kapabayaang sa pagpapaunlad sa makauring kamulatan ng mga manggagawa at pagbubuo ng Partido sa hanay nila; paglalayo ng kilusang manggagawa sa antipyudal na kilusang magsasaka sa kanayunan; pagkabatak at paghina ng mga unyon at organisasyong manggagawa bunga ng mga adbenturista at gasgasang aksyon sa lansangan; at pag-uk-ok ng korupsiyon at kabulukan sa ilang bahagi.

Sa gabay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at mga aral na hango sa paglalagom ng mga karanasan sa kilusang manggagawa, hakbang-hakbang na napangibabawan ang malulubhang pagkakamali at kahinaan. Matatag na pinangibabaw ang linya ng rebolusyong dalawang-yugto at programa ng demokratikong rebolusyong bayan.

Tuluy-tuloy na nakapagpapalakas ang Partido sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon. Masiglang pinag-aaralan ng mga kasapi ng Partido at aktibistang manggagawa ang dokumento ng paglalagom ng Partido, lipunan at rebolusyong Pilipino, kalagayan ng uring manggagawa, ekonomyang pampulitikang Marxista at iba

pa.

Patuloy na pinauunlad ang gawaing masa ng Partido sa hanay ng mga manggagawa. Higit na nasisinsin ang pagtatalaga ng mga kasapi at kadre at pag-oorganisa ng mga yunit at organo ng Partido at kilusang lihim sa mga unyon, lalung-lalo na sa hanay ng masang kasapiang ng mga unyon. Hakbang-hakbang na binubuo ang mga sangay ng Partido kaalinsabay ng pagbubuo o transpormasyon ng mga unyon bilang mga saligang organisasyon ng mga manggagawa. Ang tungkuling ito'y mabilis na naisasagawa lalung-lalo na sa hanay ng mga manggagawang dati nang saklaw ng militanteng unyonismo.

Malaki-laking bilang ng mga aktibistang masa ang napapanday sa mga gawain ng pagsusulong ng kilusang manggagawa. Gayumpaman, malaki pa ang dapat ilawak at ibilis ng pag-oorganisa ng mga lihim na grupo at komiteng pang-organisa ng mga manggagawa, gayundin ng mga sangay at grupo ng Partido sa hanay ng masang

manggagawa. Ang pagpapalawak ng mga lihim na organisasyon sa mga pabrika at komunidad ng manggagawa ay matagal na napabayaang at nasagkaan ng konserbatismo at di makatotohanang mga pamantayan.

May partikular na halaga ang pag-oorganisa sa mga mala-proletaryado, para epektibong mapakitunguhan ang laganap at malalang problema sa kawalan ng trabaho at iba pang mukha ng kahirapan.

Sumisigla ang pagtungo ng mga manggagawa sa kanayunan para lumahok sa kilusang magsasaka at armadong pakikibaka. Pero kailangan pang tuluy-tuloy na palaganapin sa kilusang manggagawa ang mga pag-aaral sa mga usapin sa pagsusulong ng sandatahang pakikibaka at kilusang antipyudal sa kanayunan. Ito'y upang maipatimo sa mga manggagawa ang kahalagahan ng maramihang paglahok nila rito.

Patuloy na isinisistematisa at pinalalakas ang paglalagat ng pwersa sa mga estratehikong empresa, malalaking konsentrasyon ng mga manggagawa at

**UPANG HIGIT PANG
MAISULONG ANG
REBOLUSYONARYONG
KILUSANG MANGGAGAWA,
KINAKAILANGANG
PURSIGIDONG PALAWAKIN AT
PALAKASIN ANG MILITANTENG
KILUSANG UNYON AT ANG MGA
PAKIKIBAKANG PANG-
EKONOMYA NG MGA UNYON.**

mga pangunahing sentrong lunsod ng bansa. Importante ito sa lahatang-panig na pagpapalakas ng kilusang manggagawa sa buong bansa.

Mga tungkulin

Upang higit pang maisulong ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa, kinakailangang pursigidong palawakin at palakasin ang militanteng kilusang unyon at ang mga pakikibakang pang-ekonomya ng mga unyon. Kinakailangang sistematiko at matatag na paunlarin ang mga ito sa antas ng pakikibakang pampulitika alinsunod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Kailangan ding patuloy na mahigpit na panghawakan ang wastong kumbinasyon ng konsolidasyon at pagpapalawak. Dapat tuluy-tuloy na

ANG PAPTINDING PAMBUBUSABOS AT KAHIRAPAN NG MGA MANGGAGAWA AY NAGTUTULAK SA KANILA NA MAGTANGGOL AT LUMABAN.

buuin ang mga lihim na sangay at grupo ng Partido at palaganapin ang edukasyon sa linyang pambansa-demokratiko at sa Marxismo-Leninismo-Maoismo; kasabay ng pagsusulong ng mga pakikibakang masa, pagpapalawak ng mga unyon at pagpaparami ng mga aktibistang masa. Kailangang aktibong pamunuan ang masa sa papalawak nang papalawak na saklaw habang nagpapatatag sa sariling hanay.

Sa darating na taon, dapat bigyan ng pangunahing pansin ang sumusunod na mga partikular na tungkulin:

1. Malawak, masinsin at solidong ilatag ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa pamumuno ng Partido sa buong bansa

1.1. Palakihin ang bilang ng mga sangay ng Partido at rebolusyonaryong unyon ng mga manggagawa.

1.2. Palakasin ang makinarya ng Partido para sa kilusang manggagawa. Magpalitaw at magsanay ng malaking bilang ng mga kadre at lider masa sa pambansa at lokal na antas.

1.3. Bigyan ng partikular na pansin ang pag-oorganisa sa mga manggagawang kababaihan at bata (*child workers*).

1.4. Ubos-kayang paunlarin ang kilusang manggagawa sa mga rehiyong may mataas

na konsentrasyon ng mga manggagawa sa industriya, pati na mga sonang pang-eksport.

2. Palawakin ang kilusang welga na umaabot sa papalaking bilang ng mga pagawaan at manggagawa. Isulong ang masisigla at malalakas na pakikibakang pang-ekonomya sa mga welga sa pagawaan at koordinadong welga sa lokalidad.

Ikoordina sa buong bansa ang pakikibaka para sa dagdag na sahod, para sa pagtatanggol ng mga karapatan sa pag-uunyon, laban sa kontraktwalisasyon, disempleyo, pribatisasyon at iba pang patakarang umaapi at nananalasa sa uring manggagawa.

3. Patuloy na palakasin ang pakikipag-alyansa sa hanay ng uri, mala-proletaryado, uring magsasaka at iba pang demokratikong sektor.

4. Itaas at mas mahusay na gamitin ang kapasidad sa gawaing propaganda at pangkultura sa pambansa, panrehiyon, panlalawigan at lokal na antas.

5. Palakihin ang bilang ng mga napakikilos sa mga pakikibakang pampulitika.

6. Masiglang palaganapin ang pag-aaral sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at mga prinsipyo't linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Bigyan ng partikular na pansin ang teoretikal na pag-aaral sa kritika sa imperyalismo, neokolonyalismo, neoliberalismo, Trotskyismo, rebisyunismo, oportunismo at dilawang unyonismo.

7. Sistematikong paunlarin ang malaking bilang ng mga kadreng manggagawa para sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa, kanayunan at iba pang pangangailangan ng rebolusyon.

8. Palakihin ang suporta sa kanayunan.


9. Masiglang mag-ambag at magpatibay ng pakikipagkaisa sa anti-imperyalistang pakikibaka ng mga manggagawa at mamamayan sa buong daigdig.

Tinatanaw

Tumatanaw ang Partido sa mas mabilis na paglakas ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa sa bago at mas mataas na antas. Tampok na katangian ng mas mataas na antas na ito ang ilang ulit pang paglawak at paglaki ng militanteng kilusang unyon, gayundin ng lihim na organisasyon ng Partido at mga lihim na rebolusyonaryong organisasyon sa mga pabrika at komunidad ng mga manggagawa.

Ang papatinding pambubusabos at kahirapan ng mga manggagawa ay nagtutulak sa kanila na magtanggol at lumaban. Sa pamumuno ng Partido, ang militanteng kilusang manggagawa ay magsisilbing isang malakas na muog ng pambansa-demokratikong rebolusyon. **AB**

Krisis sa Kanayunan



Matinding kahirapan ang humahambalos ngayon sa masang magbubukid. Saklot sila ng kagutuman at hinahagupit ng samu't saring epidemya. Nangangamatay sa gutom at sakit ang maraming sanggol, kabataan at matatanda. Lalong kumikitid ang pagmumulan ng kabuhayan sa kanayunan; wala rin namang kariwasaang idudulot ang pagluwas sa kalunsuran.

Ang duhaging katayuang ito ng masang magbubukid ay lalong pinalulubha ng mga patakarang makadayuhan at anti-magsasaka. Upang pagtakpan ang mga ito, isinisisi ng reaksyunaryong estado sa tagtuyot at sunud-sunod na bagyo ang palaging krisis sa kanayunan.

Mga Patakarang Kontra-magsasaka

Pinananatili at pinalalala ng mga patakaran ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon ng rehimeng Estrada ang krisis at paghihirap sa kanayunan. Para sa mga magbubukid, nangangahulugan lamang ito ng ibayong konsentrasyon ng lupa sa kamay ng iilan at pagtindi ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Todo-todong nakapandarambong ang mga dayuhang kapitalista at lokal na kumprador at asendero sa likas na yaman at lakas-paggawa ng bansa dahil sa mga patakarang ito.

Ang huwad na Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) na pinasimulan ng rehimeng Aquino ay nakatuon sa pagpapatibay ng monopolyong pag-aari sa lupa. Sa ilalim ng CARL, ang pag-aari ng pinakamalalaking lokal na panginoong maylupa gaya ng mga Ayala, Zobel, Cojuangco at Enrile ay lumawak pa. Sa panahong 1985-95, dumoble mula 75,000 hanggang 166,000 ektarya ang saklaw na

lupain ng mga malaking dayuhang korporasyon tulad ng Dole, Del Monte at NDC-Guthrie. Hindi ginalaw ng CARL ang mga lupaing pang-agrikultura na takdang isailalim sa pagpapalit-gamit o *land use conversion*.

Ginamit ng pamilyang Cojuangco noong 1987 ang mga probisyon ng CARL para sa “stock-sharing” upang makatakas sa pamamahagi ng Hacienda Luisita. Nitong 1998, ginamit din ni Eduardo ‘Danding’ Cojuangco ang iskemang ito. Upang ilitas sa pamamahagi ang 4,361 ektaryang mga asyenda niya sa Negros, pinagsama-sama ang mga ito at isinanib sa isang korporasyong pag-aari niya. Nagpamahagi sa mga manggagawang bukid ng mga walang-saysay na sosyo ng korporasyon.

Tuluyan nang ginawang upisyal na modelo ng “distribusyon” ng mga komersyal na sakahan ang *stock-sharing scheme* ng mga Cojuangco sa pamamagitan ng Administrative Order No. 9 ng Department of Agrarian Reform. Sa ngayon, mayroong 50,000 ektarya ng lupang sakahan sa buong bansa na maaaring ipailalim sa ganitong iskema.

Sa ilalim ng rehimeng Ramos, tuluyang ibinasura ang usapin ng pamamahagi ng lupa. Malawakang pinagbabawi sa mga magbubukid ang dati nang ipinamahaging mga Certificate of Land Transfer at Certificate of Land Ownership Award. Pinalayas ang mga pamilyang magsasaka at malawakang pinabuldos ng mga dayuhang ispekulador at mamumuhunan ang mga lupaing pang-agrikultura upang pagtayuan ng mga pasilidad sa turismo, subdibisyon at enklabong pang-industriya.

Masahol pa, ipinatupad ang mga batas gaya ng Land Lease Act (1996) at Mining Act (1995) alinsunod sa dikta ng IMF-World Bank-World Trade Organization. Sa Land Lease Act, pinahihintulutan ang mga dayuhan na “umupa” ng lupa sa Pilipinas mula 75 hanggang 99 taon. Gayundin,

pinahihintulutan ng Mining Act ang mga korporasyong 100% pag-aari ng dayuhan na magbukas ng konsesyon aabot sa 100,000 ektarya. Maaari silang magmina rito sa loob ng 25-50 taon.

Pagpapanggap ni Erap

Walang kahihiyang nagpapanggap na maka-magsasaka ang guberno ni Estrada. Kakambal ng kanyang pag-aastang “makamahirap” ang satsat na “produktibidad ng lupa” at “seguridad sa pagkain”.

Ibayong pagpapaubaya ng lupa sa mga dayuhan at lokal na negosyo ang “produktibidad ng lupa” na itinutalak ng rehimeng Estrada. Ang linyang “seguridad sa pagkain” naman ay pumapatungkol hindi sa pagpapaunlad ng lokal na produksyong umaasa-sa-sarili kundi sa malawakang importasyon ng mga produktong pang-agrikultura. Hindi nito iibsan ang gutom ng mamamayan kundi bubundatin

lamang ang malalaking kumprador na may kontrol sa mga lisensya sa importasyon.

Ang pagtatayo ng Agrarian Reform Communities (ARC) na inumpisahan ng rehimeng Ramos ay isa rin sa mga kasalukuyang diin ng gubyernong Estrada. Tinatangang bigyan ng maskarang “makamasa” ang agrikulturang komersyal at pang-eksport na nakasalalay sa dayuhang puhunan at teknolohiya.

Nagtatalaga ang ARC ng Key Production Areas (KPA), o mga komunidad na espesyalisado sa tanim na pang-eksport tulad ng paminta, asparagus at mga bulaklak. Upang mapalawak pa ang mga KPA, binabawasan ang mga lupang sakahan na nakalaan sa palay at mais mula sa dating 5 milyong ektarya patungo sa 1.9 milyong ektarya na lamang. Noong 1997, may 59,071.30 ektaryang saklaw ng Department of Agrarian Reform ang isinailalim sa pagpapalit-gamit ng lupa. »

‘Padrino’ ng reporma sa lupa?



Ipinagbunyi ni Joseph Estrada ang isinagawang “stock-sharing scheme” ng dating Marcos kroni na si Eduardo ‘Danding’ Cojuangco noong Oktubre sa Negros Occidental. Ganito aniya ang ‘reporma sa lupa’. Ganito rin kababaw ang pag-unawa — at pagpapahalaga — ng rehimeng Estrada sa repormang agraryo.

Hindi pamamahagi ng lupa ang ginawa ni Cojuangco sa Negros. Nagtatag siya ng korporasyong sumasaklaw sa 11 asyendang tubuhang may lawak na 4,361 ektarya. Tinasa ang halaga ng lupa at tinakdaan iyon ng katumbas na minorya at maliit na sosyo sa korporasyong agribisnes na kontrolado ni Danding.

Wala na nga ito sa kalingkingan ng kabuuang pag-aaring lupain at negosyo ng kanilang angkan. Hindi pa totooan ang pagkakabigay ng lupa sa mga magsasaka. Wala silang tunay na tinig at karapatang magpasya sa tatakbuhan ng negosyong “sinosyohan” nila o kahit man lamang sa mangyayari sa lupang diumano’y kanila na at hindi kay Danding.

Hindi bago ang pakanang ipinampapasiklab ni Danding. Ginagaya lamang niya ang “sharing and agricultural development model” na ipinanloko ng mga pinsan niya sa mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita sa Tarlac.

Sa batas sa huwad na reporma sa lupa ng rehimeng Aquino, ang pamamahagi ng sosyo ay itinuturing na isang tipo ng pamamahagi ng lupa upang makatakas ang mga asendero sa aktwal na pamamahagi ng lupa habang nagkukunwang tumatalima sa reporma sa lupa.

Sa Hacienda Luisita, ang lupang sakahan ay ipinaloob sa mas malaking korporasyong agrikultural, komersyal at industriyal at tinasang may halagang katumbas ng mahigit 33% sosyo sa bagong korporasyon. Sa turing, isinalin sa pag-aari ng mga manggagawang bukid ang lupa ng asyenda at naging may-ari sila ng korporasyon, gaya nina Jose ‘Peping’ Cojuangco at Corazon Aquino. Ngunit walang silbi ang kanilang sosyo. Wala silang nagawa nang itigil ang pagbubungkal at gamitin sa *real estate*, komersyo at industriya ang papalaking bahagi ng asyenda; nang pagtatanggalin sila sa trabaho, at nang palayasin sila kahit sa mga loteng

matagal na nilang pinaninirahan.

Itinatanghal ni Estrada si Danding na “Padrino ng reporma sa lupa.” Ang pagdedeklara sa iskema nito sa Negros bilang upisyal na modelo ng distribusyon ng mga komersyal na sakahan ay pagpapabida kay Danding sa kabila ng kanyang pagiging sagadsaring kontra-magsasaka.

Ang stock-sharing scheme na labis na nagustuhan ng presidenteng lumilitaw na walang kamuwang-muwang sa reporma sa lupa ay isang bahagi lamang ng engrandeng plano ng “Padrino” na hawakan ang malalawak na bahagi ng Mindanao at Kabisayaan at gawing balwarteng pampulitika at pang-ekonomya niya at ng kanyang mga piling kampon—hindi lamang sa burukrasyang sibil malamang, kundi maging sa mga pangkating militarista.

Dagdag pang mga gumaganap sa komedyang ito ang mga dating promotor ng “civil society” na nakaluklok sa burukrasya ng Department of Agrarian Reform at mga nangungunang promotor ngayon ng reporma sa lupa na ala-Danding Cojuangco. Pasulput-sulput din ang pangalan ni Arturo Tabara alias Andres Nava, tagapangulo raw ng Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawang Pilipino at madalas na espesyal na panauhin sa asyenda ng “Padrino.”

Pinalalala lamang nito ang kasalatan sa pagkain at ang krisis sa kanayunan.

Ang pagpapalit-gamit sa lupa ay nagbubunga ng malawakang dislokasyon sa hanay ng mga magbubukid sa iba't ibang bahagi ng bansa (*tingnan ang talahanayan*).

Sa ilalim ng rehimeng US-Estrada, binibigyan ng buong-laya ang malalaking kapitalistang dayuhan at lokal na uring mapagsamantala na yurakan ang interes ng masang magsasaka: agawan sila ng lupa, lalong itaas ang upa at interes sa pautang, lalong ibaba ang sahod at iba pang hakbang na nagkakadena sa kanila sa ibayong paghihikahos.

Hangga't hindi napuputol ang tanikala ng imperyalistang paghahari at pyudal na pagsasamantala, patuloy na malulugmok sa dustang kalagayan ang masang magbubukid. **AB**

Ilang kaso ng pang-aagaw ng lupa at pagpapalayas sa mga magbubukid, 1998

San Jose del Monte,
Bulacan

Pagpapademois ng mga Araneta sa tirahan ng mga magbubukid sa lupang nasailalim na ng CARL

Bulacan

Pagharas ng Mustang Security Agency ni House Speaker Manuel Villar sa mga magsasaka sa 32 ektaryang lupang agrikultural para sa pagdebelop ng kanyang subdibisyong Palmera Homes

San Roque,
Pangasinan

Pagbuldoser sa may 100 bahay upang tayuan ng dam

Antipolo,
Rizal

Pagsawalambahala sa mahigit 3,000 pamilyang nanganganib guhuan ng 4.8 ektaryang *damsite* ng Antipolo Properties, Inc. at Retirement and Separation Benefits System (RSBS) ng AFP na pagmumulan ng patubig sa 65 ektaryang *golf course* na pag-aari ng RSBS

Cagayan Valley,
Nasugbu, Batangas
at Sumilao, Bukidnon

Pagbawi ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa mga magbubukid ng kanilang Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa umaabot ng mahigit 10,000 ektaryang lupaing ibinenta/ isinauli sa mga negosyante at asendero



Mahaba at mayaman ang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ng Samar laban sa pagsasamantala at pang-aapi. Ibayo pang sumusulong ang kanilang paglaban sa patnubay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP). Tangan ang mga aral, patuloy nilang bibiguin ang anumang kontra-mamamayang pakana ng reaksiyunaryong rehimen.

Samar:

Nagwawasto at sumusulong

ARC, hindi nakapanlinlang

Matapos mahubaran ang huwad na Comprehensive Agrarian Reform Law, inimbento ng rehimeng Ramos noong 1995 ang Agrarian Reform Communities (ARC). Kalahating milyong ektarya na ng lupang agrikultural sa buong bansa ang nasasaklaw ng ARC.

Sa Kanlurang Samar, idineklarang pampublikong lupain ang ilang ektaryang lupang sakahan sa apat na bayan upang maitayo ang mga ARC. Ipinrograma rito ang produksyon ng mga tanim na pang-eksport sa halip na palay at mais. Inilaan din ang ilang bahagi ng lupa para sa mga pasilidad sa turismo. Kakutsaba ng gubyerno sa pagtatayo ng ARC sa Silangang Kabisayaan ang

malalaking kapitalistang dayuhan at lokal.

Litaw ang kontra-rebolusyonaryong layunin ng ARC: ipinamudmod ng guberno ang lupa sa iilang piling magsasaka, mga nagsisukong “rebelde”, at mga retiradong sundalo at elemento ng Citizens’ Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) upang linlangin ang mamamayan at ilihis sila sa landas ng pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Masahol pa, sapilitang pinalilikas ang karamihan ng mga magbubukid mula sa sariling lupa upang bigyang-daan ang mga dayuhang mamumuhunan.

Hindi nalinlang ang taumbaryo. Malinaw sa kanila na buong-buong ibinabasura ng rehimen ang usapin sa repormang agraryo.

Patuloy na lumalawak ang pagtutol ng mamamayan sa ARC. Suportado ng mga panrehiyon at pambansang samahan ng mga magbubukid, maging ng mga relihiyoso, lokal na burukrasyang sibil at iba pang sektor, nagkakaisang nilalabanan ng mga magsasakang Samareño ang huwad na “proyeklong pangkaunlaran” na ito.

“Last 2 minutes”, bigo

Hindi ang ARC ang unang kontra-magsasakang pakana ng estadong binigo ng militanteng paglaban ng mamamayan ng Samar. Nauna rito ang “Last 2 minutes” ng Armed Forces of the Philippines.

Nilayon ng “Last 2 minutes” noong 1994 na “burahin sa mapa ng Samar” ang rebolusyonaryong kilusan. Pinakilos ng 8th Infantry Division ng Philippine Army ang pulisya, CAFGU, mga *vigilante* at lokal na burukrasya sa gawaing kombatan at paniktik. Itinayo ang maraming kampo at walang tigil na nanligalig at naghari ang kapangyarihang militar sa mga baryo.

Tyempong inuumpisahan ng Partido ng Silangang Kabisayaan ang Kilusang Pagwawasto noong 1993. Mula sa halos isang dekada ng disorientasyon, nagpapanibagong-lakas na ang kilusang masa nang ilunsad ang “Last 2 Minutes.” Sa kabila ng kauusbong pa lamang ng pagwawasto, maagap na nanindigan ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayan laban sa mga pakana ng kaaway.

Matatag na hinarap ng mga taumbaryo ang kampanya ng reaksyunaryong hukbo. Binantayan nila ang kilos ng kaaway at tinutulan ang tumitinding militarisasyon ng kanilang mga komunidad. Paglao’y hindi na basta-basta nakapagtayo ng mga detasment ang AFP. Di iilan ang napatalsik sa pamamagitan ng militanteng paglaban ng mamamayan.

Walang kinahinatnan ang “Last 2 minutes.” Hindi nito nasagkaan ang pagpapanibagong-lakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Samar.

Pinanday ng pakikibaka

Ang pagpupunyagi ng mamamayan ng Samar laban sa panlilinlang at pandarahas ng estado ay bunga ng halos tatlong dekada nang karanasan sa pakikibaka.

Nagsimulang kumilos ang Hukbo sa Kanlurang Samar noong dekada ’70 sa mga komunidad ng mga *dapon* (mga setler). Pinukaw, inorganisa at pinakilos ng rebolusyonaryong pwersa ang mga setler. Napanday ang kanilang organisadong lakas at sumulong ang antipyudal at antipasistang pakikibaka. Sa lugar ng mga *dapon* naitatag ang kauna-unanahang larangang gerilya sa Silangang Kabisayaan noong 1974.

Panimula na ring nailatag ang Pulang kapangyarihang pampulitika sa ilang bayan ng Samar. Malawakang napalahok sa rebolusyon ang mga magbubukid dahil pangunahing hinarap ng Partido at Hukbo ang suliranin sa lupa. Matagumpay na inilunsad ang minimum na programa ng rebolusyong agraryo. Batay dito, pinaigting ang pakikidigmang gerilya.

Subalit naudlot ang pagsulong bunga ng disorientasyon. Lahatang-panig na humina ang rebolusyonaryong gawain. Nabitiwan ang rebolusyong agraryo at nalustay ang mga inaning tagumpay.

Padayon!

Sa pagsulong ng IDKP, muling bumangon ang rebolusyonaryong kilusan sa Samar. Iwinasto ang mga natukoy na kamalian at paglihis laluna sa kondukta ng gawaing masa.

Mabisang nagamit ng Partido sa Samar ang paraang “abanikong buklad-tiklop” sa gawaing rekoberirrekonstruksyon. Namaksimisa ang paghahati sa mga pangkat sa pagpapalalim ng panlipunang pagsisiyasat, masusing pagbalik-aral sa kasaysayan ng lugar, paglahok sa gawaing produksyon at iba pang mahahalagang gawain sa panahong nakadispers (buklad) ang yunit. Tuwing nagtitipon (tiklop) naman, napag-aaralan ng yunit ang mga nakalap na datos; nagtatasa, nagpupunahan at nagpapalano para sa mga gawain sa hinaharap.

Bunga nito, muling lumalapad at lumalalim ang baseng masa sa Samar. Muling isinusulong ang minimum na programa ng rebolusyong agraryo. Patuloy na lumalawak ang nakikilusang erya ng Hukbo. Hindi balakid sa pagpapalawak ang militarisasyon. Maging ang mga lugar na kinatatayuan ng mga kampo ng kaaway ay saklaw ng gawaing ekspansyon.

Patuloy pa ring nangangarap ang kaaway na burahin ang rebolusyonaryong kilusan sa Samar. Subalit patuloy silang bibiguin ng mamamayang nagpupunyagi sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. **AB**



Rebolusyong Agraryo sa Timog Luzon

Sa landas ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP), muling pinahihigpit ang pagkakaisa ng Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa masang magbubukid. Nagpupuna ang mga kadre at mandirigma sa mga kamaliang ibinunga ng malulubhang paglihis. Hinihikayat nila ang masa na muling pasiglahin ang rebolusyonaryong kilusang masa. Masikhay silang lumalahok sa panlipunang pagsisiyasat, solidong pag-oorganisa, mga kampanya at pakikibakang masa, gawaing propaganda at gawaing produksyon – bukod sa gawaing militar.

Dahil sa ganitong pagsisikap ng Partido at BHB, muling sumisigla ang armadong pakikibaka, ang rebolusyonaryong kilusang masa at ang pagsusulong ng antipyudal na pakikibaka.

Nasaksihan ang pagsikad ng kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran. Bumwelo ang mga taktikal na opensiba. Noong 1997, nagulantang ang reaksyunaryong estado sa sinsin ng mga taktikal na opensiba ng BHB laluna sa Timog Katagalugan at Bikol.

Sa dalawang rehiyon ding ito, masigla ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo. May 11 matatagumpay na pakikibaka para sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid sa iba't ibang sonang gerilya sa Timog Katagalugan noong 1997. Nakinabang ang may 600 katao sa naturang kampanya.

Sa Gumaca, Quezon, nagkaisang kumilos ang mga kasamá sa dalawang magkanugnog na baryo at matagumpay nilang iginiit sa panginoong maylupa na kargahin ang 15% ng gastos sa produksyon sa niyugan.

Kumilos din ang ilampung pamilya sa Oriental Mindoro upang paunlarin ang mga pastuhang malaon nang inabanduna ng mga panginoong maylupa.

Sa pamamagitan ng “suyuan” at iba pang porma ng kooperasyon, tinamnan ng mga magsasaka ng palay, mais, gulay at prutas ang dating nakatiwangwang na lupa. May hayop ding inaalagaan ang mga benepisyaryo. Tuluy-tuloy itong pinangangasiwaan ng sangay ng Partido sa lokalidad katulung ng Hukbo.

Sa Rizal, ikinakampanya ang balik-produksyon, na siyang unang antipyudal na pagkilos sa buong Timog Katagalugan mula nang ilunsad ang IDKP. Hinihikayat ang mga magsasakang nalulong sa pagkakahoy na muling paunlarin ang kanilang mga bukirin at igiit ang kanilang karapatang bungkalin ang lupa.

Sa Campano-Guevarra Estate, Occidental Mindoro, patuloy sa kanilang militanteng antipyudal na pagkilos ang masang magsasaka sa kabila ng matinding militarisasyon.

Sa Bikol, muling sumisigla ang rebolusyong agraryo, kasabay ng lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyonaryong gawain sa rehiyon. Sa ilang sonang gerilya sa Camarines Sur, naipagwagi ng mga organisadong magbubukid ang tersyong baliktad o ang 70%-30% na hatian sa aning pabor sa magsasaka. Mula ito sa hatiang 70%-30% pabor sa panginoong maylupa. Naipagtagumpay din sa ibang bahagi ng lalawigan ang P30 dagdag sa arawang

sahod ng mga manggagawang bukid. Sa Sorsogon, naigiit ang 25% umento sa sahod. Sa Camarines Norte, sumisigla ang iba't ibang anyo ng kooperasyon katulad ng luyo-luyo.

Sa buong rehiyon, sama-samang itinataguyod ng masa ang kampanya para paunlarin ang sistemang patubig at pataasin ang antas ng produksyon.

Isa pang tanda ng pagpapanibagong-sigla ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan ay ang paglakas at paglawak din ng hayag na kilusang magbubukid. Ang paparami at papalaking mga ligal na pagkilos ng mga magsasaka na mariing tumututol sa mga pakanang kontra-magbubukid ng estado ay bahagi at tanda ng pagsulong ng rebolusyonaryong pakikibakang antipyudal.

Muling naitayo ang panrehiyong pederasyon ng mga magbubukid sa Timog Katagalugan na nagsusulong ng pakikibakang hayag upang tutulan ang malawakang kumbersyon ng lupa at iba pang patakaran ng estado na pumipinsala sa buhay ng mga magbubukid. Samantala, may mga alyansang naitayo sa Albay at Camarines Sur laban sa *quarrying*.

Ang paglutas sa suliranin sa lupa sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyong bayan. Upang maisulong ang digmang bayan hanggang tagumpay, isinusulong ang rebolusyong agraryo, kaakibat ng armadong pakikibaka at pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base sa kanayunan. Sa malakolonyal at malapyudal na kalagayan ng Pilipinas, ito ang tanging paraan para puspusang mapukaw at mapakilos sa rebolusyon ang masang magsasaka, at sa gayon, mapalawak at mapalalim ang suportang masa ng rebolusyon. Malaking mayorya ng populasyon ay mga magbubukid na dantaon nang dumaranas ng matinding pyudal at malapyudal na pagsasamantala mula sa mga panginoong maylupa, mga imperyalista at maging sa kamay ng reaksyunaryong gubyerno.

Ang rebolusyong agraryo ay hakbang-hakbang na isinusulong upang likhain ang pinakasolido, pinakamatibay at pinakamalawak na rebolusyonaryong pagkakaisa at lakas ng mga magbubukid. Ang lakas na ito ang gagamitin sa hakbang-hakbang ding pagpapahina sa pampulitikang kapangyarihan sa kanayunan ng uring panginoong maylupa at iba pang reaksyunaryong uri. Maksimum na programa ng rebolusyong agraryo ang

pagkumpiska ng lupain ng mga panginoong maylupa at libreng pamamahagi ng lupa sa mga magbubukid. Ipatutupad ito sa pangkabuuan kapag nakamit na ang pambansang tagumpay.


Sa kasalukuyan, ipinatutupad ang minimum na programa ng rebolusyong agraryo. Ipinaglalaman ng mga organisasyong masa, kaisa ang BHB, ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagpawi sa usura, pagpapataas ng presyo ng produktong agrikultural, at pagpapaunlad ng produksyon.

Dahil ito'y susi sa matatag na pagpapalawak at pagpapalakas ng rebolusyon, ang pagsusulong ng pakikibakang antipyudal ay dapat bigyan ng pinakamataas na pagpapahalaga at pinakamatamang pag-asikaso ng lahat ng komite ng Partido at yunit ng BHB sa kanayunan. Kailangan ang malinaw na mga partikular na balak sa pagsusulong ng mga kampanya at pakikibakang antipyudal sa mga larangang gerilya at mga lokalidad. Kailangang masusing subaybayan ang mga pakikibaka ng masa, maagap na tasahin ang mga ito at lutasin ang mga problemang lumilitaw, at sa pana-panahon, dapat masaklaw na lagumin ang mga karanasan para paunlarin ang mga patakaran, taktika at pamamaraan, at iangat ang kamulatan ng masang magsasaka batay sa mga kongkretong karanasan.


Higit na malala ang sitwasyong kinakaharap ng mga

magbubukid sa ilalim ng reaksyunaryong rehimeng Estrada hindi lamang sa Bikol at Timog Katagalugan. Hindi lamang nagpapatuloy kundi mas pinatitindi pa ang iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala para pigain ang pinakamalaking sobrang produkto mula sa pagod ng masang magsasaka. Bukod sa mga lumang panginoong maylupa, dumadagsa sa kanayunan ang iba't ibang dayuhan at lokal na mangangamkam, ispekulador at malalaking korporasyon para manghuthot sa likas na yaman at lakas paggawa sa kanayunan, o di kaya'y maghanap ng biglang kwarta sa mga kontratang publiko at ispekulasyon sa *real estate*, pagmimina at iba pa. Ang labis at lalo nilang pinahihirapan ay ang masang

magsasaka.

Sa ganitong kalagayan, walang ibang susulingan ang masang magbubukid kundi organisadong isulong ang pakikibakang antipyudal sa ilalim ng bandila ng demokratikong rebolusyong bayan. 

**SA GANITONG
KALAGAYAN, WALANG
IBANG SUSULINGAN
ANG MASANG
MAGBUBUKID KUNDI
ORGANISADONG
ISULONG ANG
PAKIKIBAKANG
ANTIPIYUDAL SA
ILALIM NG BANDILA
NG DEMOKRATIKONG
REBOLUSYON NG
BAYAN.**



Nasa Abanteng Yugto ng Disintegrasyon

Tuluy-tuloy na nagkakawatak-watak ang mga Contra bunga ng mga alitan sa kurakot, todong oportunismo, ganap na pagkakalantad at malubhang pagkakahiwalay. Ang sandakot na rebisyunista at oportunistang taksil, laluna ang kulto ni Lagman sa Metro Manila at barkadang Tabara sa Negros at Panay, ay nasa abanteng yugto na ng disintegrasyon.

Ang mabilis na pagkaagnas ng mga kontra-rebolusyonaryong taksil ay ganap na kabaligtaran ng matatag na pagpapanibagong-lakas ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Mula nang humiwalay sila sa rebolusyonaryong kilusan at lantarang nagpakalulong sa oportunismo at kabulukan, mabilis na nahubaran ang mapagkunwaring mga asta nila na magtatayo ng ibang partido at mamumuno sa rebolusyon. Ang kanilang kampanyang anti-Partido, anti-rektipikasyon at anti-Maoismo ay lantay na operasyong demolisyong nabigo.

Kinasusuklaman sila hindi lamang ng mga tunay na proletaryong rebolusyonaryo kundi maging ng mga elementong dati nilang nalinlang at natangay. Kahit ang mga kontra-rebolusyonaryong pasimuno ay hindi makatagal sa isa't isa.

Alitan sa Kurakot

Noong 1997 kumalas sa kultong Popoy Lagman si Sergio Romero dahil sa alitan sa hatian ng salaping kurakot mula sa samu't saring tiwaling aregluhan. Pinakagarapal dito ang pinag-aagawang P80 milyon—mahigit P200 milyon ayon sa ibang ulat—na bayad kay Lagman ng sabwatang Public Estates Authority (PEA)-Amari sa pagpapalikas ng libu-libong pamilyang maralita mula sa Freedom Island sa Parañaque. Sinangkalan ni Lagman ang mga huwad

Bagong Trotskyistang Pangkat

Nitong Hulyo, isa pang dating galamay ni Lagman ang nagsarili at nagtayo ng sariling paksyon, bagay na nagpapatunay ng ganap nilang pagkabangkarote at malinaw na naglalarawan sa Trotskyistang diwa ng “kalayaan ng mga paksyon”.

Si Sonny Melencio ang pinakamasugid na ahenteng lokal ng internasyunal na Trotskyismo. Mula sa pagiging hepeng tagapagpasunod ni Lagman, si Melencio ngayon ang pinuno ng Trotskyistang grupong tinawag niyang Liga Sosyalista.

Malaki ang papel ng dayuhang isponsor sa paglitaw at pagtayo ng bagong grupong Trotskyista. Si Max Lane, operatiba ng Trotskyistang Socialist Workers' Party ng Australia, ang prinsipal na taga-alaga, isponsor at tagatustos ni Melencio at mga proyektong Trotskyista nito.

Ang pagbubuo ng ligang Trotskyista ay resulta ng pagkabigo ng pangarap ni Max Lane na makatipon ng kahit anong anyo ng isang partido mula sa paghahalu-halo ng kultong Lagman, gangster na barkadang Tabara, “ABB” ni Sergio Romero at ilan pang grupong itiniwalag sa Partido at rebolusyonaryong kilusan noong 1992-93.

Ngayon, kasama ng mga Trotskyistang pinuno ng BISIG na matagal na ring aali-aligid at nangangarap na makapang-agaw ng pwera at baseng masa ng huli, naobliga silang tumayo sa sarili at ilantad ang tunay nilang kulay—kahit ang mga elementong kanilang pwedeng angkinin ay hindi lamang mangilan-ngilan kundi labis-labis pa ang panghihina ng loob.

Higit pang kalunus-lunos ang pangkat ng ito kung ihahambing sa iba pang nag-astang tagapagligtas ng rebolusyon. Ang mga artikulo at pahayag nila sa kanilang pahayagang *Progresibo* ay malinaw na sumasalamin ng sala-salabat na magkakasalungat na teorya at »

pananaw tungkol sa kanilang grupo at mga layunin, huwag nang pag-usapan pa ang mga saligang katangian ng kasalukuyang lipunan at rebolusyong Pilipino.

Ang kanilang paksyon diumano ay produkto ng matitinding tunggalian sa loob ng kultong Lagman hinggil sa “patuloy na papakanang direksyon” ng pulitika ni Lagman. Matatandaang si Melencio, na ngayo’y umaastang tagapagtanggol ng Kaliwa, ay isa sa pinakamasugid na tagapagpalaganap ng Kanang oportunismo, sa partikular, ng Gorbachovismo noong katapusan ng dekada ’80 at umpisa ng dekada ’90.

Ipinagmamalaki nina Melencio ang kanilang pagtatakwil kay Lagman dahil diumano sa “indibidwalista at legalistang balangkas at aktibidad” ng huli. Pero sila mismo ngayon ay lulong sa parlamentarismo: ang kanilang kakarampot na pwersa ay tinitipon nila sa Liga Sosyalista, isang “lantad na pormasyong sosyalista” na “direktang makikialam sa larangan ng pulitika”. Ang kanilang “kaliwang” partido, muli ay isang ligal na partidong pang-eleksyon.

Mukhang hindi malinaw maging kay Melencio kung ligal o iligal sila. Inaangkin ng kanyang grupo ang ngalan ng “Metro Manila-Rizal Regional Party Committee” at “Alex Boncayao Brigade,” na diumano’y “mangunguna sa pagpapanibagong-lakas sa ideolohiya at paggawa ng programa ng partido sa balangkas na pulitiko-militar.” Pero kaalinsabay, idinedeklara ng kanilang pahayagan na ang nasabing grupo ang siya ring nakatipon ngayon sa Liga Sosyalista, isang ligal na organisasyong nakaanunsyo ang mga lider, gayundin ang punong tanggapan.

Sa iba’t ibang dako ng daigdig, ang mga Trotskyista ay bantog na mga manggugulo, mananabotahe at manghahati. Mahilig silang mag-astang mas kaliwete pa sa Kaliwa para pagtakpan at ilusot ang pinakamasahol na kolaborasyon at pakikipagsabwatan sa imperyalismo at reaksyon, laban sa tunay na proletaryong rebolusyon. **AB**

na partisanong syudad ng “Alex Boncayao Brigade (ABB)” para kulektahin ang bayad at maniobrahin ang demolisyon ng mga komunidad ng mga maralitang lunsod. Pero pagkatapos, ibinulsa ni Lagman ang kwarta at binigyan ng tira-tira lamang si Sergio Romero. Hinagisan lamang ng mumo ang mga pamilyang nawalan ng tirahan bilang panggastos sa paglilipat ng bahay.

Isa pang kriminal na raket ni Lagman ang pangingikil sa mga negosyanteng Tsino sa Metro Manila. Sa paglaganap at paglubha ng *kidnapping* ng mga negosyanteng Tsino, inialok ni Lagman ang “proteksyon” ng “ABB.” Nang hindi masapatan sa kita mula roon, bumaling sila sa lantarang ekstorsyon: Binabantaan muna ang mga negosyante na kabilang o di kaya’y ibibilang sila sa lista ng mga target ng likidasyon ng “ABB.” Pagkaraa’y aalukin sila ng areglo para alisin ang kanilang pangalan sa listahan kapalit ng malaking halaga. Mas malaking pera ang nahuthot ni Lagman sa bagong pakana.

Isa sa mga biktima ng ganitong raket ang kapitalistang si Leonardo Ty, na pinaslang ng “ABB” noong 1996 nang hindi magbigay kay Lagman.

Malaking kwarta rin ang nakuha ni Lagman sa mga reaksyunaryong pulitiko noong nakaraang mga eleksyon. Ang mga kandidatong nakapagbibigay ng malaking “kontribusyon” kay Lagman ay todo-todong sinusuportahan at binibigyan ng armadong proteksyon ng “ABB”. Samantala, ang hindi nagbibigay ay binabansagang “trapo”, binabatikos sa masmidya at ang kanilang mga poster at mga himpilan ay tinatampalasan. May mga kandidatong nagbigay kay Lagman dahil sa maling pag-aakalang maipapanalo sila ng boto ng “baseng masa” ni Lagman. Ngunit karamiha’y nagbabayad upang makaiwas na lamang sa perwisyo.

Lalong lumala ang demoralisasyon at pagsisialisang ng natitirang mga tagasunod ni Lagman pagkatapos ng eleksyon ng 1995, bunga ng pagsosolo ni Lagman sa pakikipag-aregluhan sa mga reaksyunaryong pulitiko at paggasta ng pondo.

Populismo ni Popoy, Vigilantismo ni Romero



Nang humiwalay sa kulto ni Lagman, si Sergio Romero ay nagreklamo sa pagpapakalulong ng una sa katayuan at gawaing ligal at pagpapabaya sa kilusang lihim. Pero hindi nagtagal, si Romero mismo ay tumangging bumalik sa larangang lihim pagkaraang madakip.

Bago sumiklab ang alitan sa pera, ang populismo ni Lagman at armadong vigilantismo ni Romero ay magkaibang mukha lamang ng hungkag na linya ng insureksyunismong lunsod na nakasalalay sa oportunistang pagsamba sa ispontanyong kamalayan ng masa at obsesyon sa pagpapatampok ng sarili sa masmidyang burges. Nagkasundo sila sa pagsalungat at pag-atake sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan at matagalang digmang bayan. At pagkatapos humiwalay sa rebolusyonaryong kilusan, nagkasundo silang ibuntot ang vigilantismo ng “ABB” sa kampanyang antikrimen ng reaksyunaryong gubyerno; at ang kanilang mga pampulitikang aktibidad sa mga parlamentaryong maniobra at pangarap ng mga reaksyunaryong pulitiko, laluna ng nakatatandang kapatid ni Lagman.

Nang makakalas kay Lagman, kumabit nang husto si Romero sa gangster

na barkadang Arturo Tabara (Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawang Pilipino-Revolutionary Proletarian Army o RPMP-RPA) na nakabase sa Negros. Marso 26, 1997, nagsanib ang RPA at ABB. Mula sa kawali, lukso siya sa apoy: Oktubre 16, 1997, pagkaraan lamang ng ilang buwan, bumagsak na si Romero sa kamay ng grupong paniktik ng Philippine Army.

Ang lalong lumiit na pangkat na natangay ni Romero ay higit pang nagkahati-hati dala ng luma at bagong mga bangayan at iringan. Muli, bunga ng mga alitan at dudahan sa pakikipagkasundo sa mga reaksyunaryong pulitiko noong eleksiyong presidensyal ng 1998, lumitaw ang isang paksyong kontra-Popoy at kontra-Romero/Tabara, na nagpiprisintang pamunuan diumano ng “komiteng rehiyon” sa Metro Manila-Rizal at may kontrol sa “ABB”. Ang naturang paksyon ay nakipagsanib sa grupong BISIG at nagtayo ng Trotskyistang Liga Sosyalista (*tingnan ang “Bagong Trotskyistang Pangkat” sa pahina 24*).

Gangster na Barkadang Tabara

Sa Negros at Panay, patuloy ding nagkakawatak-watak ang gangster na barkadang Tabara na nagdadala ng ngalang Rebolusyonaryong Partido ng Manggagawang Pilipino-Revolutionary Proletarian Army-ABB (RPMP-RPA-ABB).

Aapat na lamang ang natira sa orihinal na 170 armadong tauhang nalinlang at natangay ni Tabara sa Panay noong 1993. Dahil may ilan pa silang bagong nalinlang at narekrut, mayroon pa silang isang iskward na natitirang gumagala sa ilang bulubunduking baryo sa hangganan ng mga bayan ng Ibajay, Pandan at Nabas sa Aklan at isang maliit na tim na nasa ilang barangay sa hangganan ng Leon at Tubungan, Iloilo. Kumuha rin sila ng isang iskward sa Negros at inilagay sa kabundukan ng Miag-ao, Iloilo.

Walang pinagkaiba sa pasistang tropa ng AFP-PNP ang maraming gawi ng gangster na barkadang Tabara: pinapatawan ng kotang pera at butil ang mga taumbaryo at tinatakot ang mga nagpapatuloy ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa kanilang tahanan.

Ang kanilang Special Operations Unit na binuo para sa panghoholdap ng bangko, *kidnapping-for-ransom* at iba pang *dirty job* ay ganap nang nalusaw nang magkanya-kanya sa pagbebenta ng kanilang “serbisyo” sa mga pulitiko at matataas na upisyal ng AFP-PNP.

Si Tabara mismo ang utak sa paglusaw ng mga armadong yunit sa kanayunan at mga lihim na organisasyon sa syudad. Ang mga kadreng nasa kanayunan ay pinagligal—pinasuko o di kaya’y “naaresto” sa mga pakikipagpulong kay Tabara sa syudad—upang mamuno sa mga hungkag na alyansang itinayo sa kalunsuran.

Pinahirati niya ang mga kumander at kadre sa mga *beer house* at pagpapasarap-buhay sa syudad, hanggang bumabad na sila sa syudad at pasyalan dili ang mga tauhan nila sa kanayunan. Si Daniel “Mokong” Batoy, malapit na bataan ni Tabara na nagsisilbing upisyal pampulitika ng iskward ng RPA sa Aklan, ay nakabase sa isang *beach resort* sa Boracay na pag-aari ng mga lider ng RPMP. May malinaw ding ugnay si Batoy sa militar



Pangkating Magdangal-Bill-Olive: Bagong Grupong Bandido at Rebisyunista

Dahil huling habol sa anti-Partidong pang-iintriga at panghahati, ang pangkating Magdangal-Bill-Olive ang pinakamaingay sa mga rebisyunistang taksil sa paglalako ng sarili sa burges na masmidya at mga dayuhang tagapondo ng mga NGO. Sila ang “tampok na kasaysayan ng linggo” sa dulaang anti-komunista ng mga pasipikasyunista at kontra-rebolusyonaryo.

Walang tigil ang pangkatin laluna ang utak nitong si Nicolas Magdangal (Frank Pascual) sa pagkakalat ng kasinugalingan, intriga at lason laban sa Partido at sa rebolusyonaryong kilusan. Pagkaraang malantad at maitakwil ang kanilang paksyunal na pananabotahe sa loob ng Partido, tinatangka nilang dalhin sa labas ang pamiminsala at panghaharang sa rebolusyonaryong kilusan.

Sa pag-aakalang mas magaling sila sa iba pang nagtangka at pawang nabigo, sina Pascual ay nagpoposturang tagapagbuklod ng mumunting grupong rebisyunistang mabilis at tuluy-tuloy nang nagkakawatak-watak at nagkakanya-kanya. Para makaakit ng mga kapwa rebisyunista, nagsasagawa sila ng mga maingay kahit maliliit na kilos-protesta sa Metro Manila.

Habang ang mga pinuno ng pangkatin ay nakababad sa mga sentrong lunsod at labas-masok sa bansa, ang mumunting armadong grupong nahatak nila sa ilang bahagi ng Bataan at Zambales at pinangalanan nilang “Rebolusyonaryong Hukbong Bayan” (RPA din sa Ingles) ay iniengganyo namang kumilos bilang mga rebeldeng lagalag at bandido. Ang gawain ng grupong bandido ay manabotahe at manggulo sa baseng masa at mga sonang gerilya ng BHB, mambraso at mangikil sa mga negosyante at taumbaryo, at lumikha ng sari-saring alingasngas para bigyan ng katwiran ang mga tropa ng AFP-PNP na sumalakay at manligalig. »

Para may pangastos sa maluhong pamumuhay ng mga pinunong nakabase sa syudad, nangingikil ang mga bandidong ito sa mga kontraktor, mga negosyante sa palaisdaan at *quarry* at mga pulitiko ng Gitnang Luzon. Pinapatawan nila ng “buwis” ang mga malaki at maliit na may-ari ng palaisdaan sa Bulacan at Bataan, kahit sa mga sonang gerilyang saklaw ng BHB. Bukod sa pangunguwarta, ang malinaw na intensyon ay mang-upat ng gulo at manabotahe sa pagbubuo ng baseng masa at pagpapalakas ng sonang gerilya ng BHB.

Saku-sakong isda, sugpo at alimango ang inaagaw ng grupo mula sa mga mangingisda. Kapag hindi nakuntento sa produktong nakukulimbat, tinatangay nila pati bangka, gasolina, ilaw, mga baterya, at kung anu-ano pang gamit. Hindi nakakaligtas sa kanila kahit ang armas at kaunting perang personal ng mga gwardya. “Ipinatutubos” pa nila sa mga may-ari ang mga gamit na kanilang ninanakaw.

Ang mga produktong inaagaw para diumano sa “rebolusyonaryong” gawain ay ibinebenta nila sa mga negosyanteng kasapakat nila.

Dahil sa arogansya sa hawak na baril, gawi na nila ang pambubuska at pambubugbog sa mga hindi karaka-rakang nakasusunod sa kanilang iniutos. Kahit ang mamamayang dating nalinlang at nahatak nila sa mga intrigang anti-Partido at anti-BHB ay hindi nakakalibre sa kanilang kagaspangan at pag-aasal-amo.

Kilala silang protektor ng ilang kriminal sa Bataan. Sangkot sila sa pagnanakaw ng mga kalabaw. Higit pa rito, naghahasik ng lagim ang grupong ito sa pamamagitan ng arbitraryong pagpatay sa inaakusahan nilang masasamang elemento sa baryo.

Ganap na ang pagkabulok ng pangkating Magdangal-Bill-Olive. Isinusuka sila ng masa. Tulad ng sinapit ng rebisyunistang pangkating Lava at bandidong grupong Taruc-Sumulong, hindi magtatagal ay maglalaho rin ang grupong ito. Tulad ng ibang rebisyunista, mababanggit na lamang sila sa kasaysayan bilang grupong kamumuhian dahil sa ginawang pagtataksil at pag-alipusta sa mamamayan. **AB**

dahil panay ang punta nito sa detatsment ng Philippine Army sa San Jose, Ibayay.

Si Tabara mismo (Andres Nava) ay tukoy na ahente ng reaksyunaryong militar. Ang espesyal niyang serbisyo sa AFP *intelligence* ay ang magpadakip ng mga kadre upang magpasibo o di kaya’y magligal pagkaraan ng sandaling pagtigil sa bilangguan.

Ang pagiging palasuko, pagpapaalaga sa mga reaksyunaryong pulitiko at matataas na upisyal ng AFP-PNP, at pagpapasarap-buhay sa syudad ng liderato ng RPMP-RPA ang pangunahing dahilan sa mabilis na pagkalusaw ng mga yunit na nalinlang at natangay ng barkadang Tabara.

Si Warren Calizo, dating kalihim ng “komiteng rehiyon” ng RPMP sa Panay, at ang asawa niyang si Victoria Segui, ay humiwalay kay Tabara dahil sa alitan sa hatian ng P50,000 na bigay ng mga pulitiko noong eleksiyong presidensyal.

Bago niyon, si Calizo at Segui ang itinoka ng barkadang Tabara sa pagtatangkang agawin ang pamumuno at inisyatiba sa kilusang lunsod sa Panay mula sa mga tunay na progresibo at rebolusyonaryong pwersa.

Sa mga syudad at sentrong bayan, lantarang nakikipagsabwatan ang pangkatin sa mga dilawang pederasyon tulad ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) at Federation of Free Workers (FFW). Ang mga ito ang kasabay nilang nagmamartsa tuwing Mayo 1. Mga surenderi naman ang hinahakot upang dumalo sa mga raling inoorganisa ng mga Contra.

Hindi rin lihim ang pagpapayaman ng mag-asawang Calizo. Bukod sa pangongomisyon sa pagbebenta ng *real estate* at sari-saring kontrata at negosyo, malaking halaga ang kinakamal ng mag-asawa sa pakikipagkutsabahan sa mga reaksyunaryong pulitiko tuwing may eleksyon. Kabilang sa kakutsaba nila si dating Hen. Gerardo Flores, pinuno ng *intelligence* ng PNP noong huling bahagi ng dekada ’80 at kumandidato bilang kongresista sa unang distrito ng Iloilo noong 1995.

Sa Negros, humantong din sa pagkakahati-hati ang alitan sa hatian sa kurakot mula sa eleksiyong 1998, agawan sa kontrol sa negosyo, at pagdududahan sa mga lihim na kuneksyon sa AFP-PNP. Humiwalay sa barkadang Tabara sina Noel Etabag at Rufino Geanga, na ngayo’y gumagamit sa ngalan ng “Negros Regional Party Organization” at ni “Miguel Yntrencherado” laban sa RPMP-RPA-ABB.

Si Lualhati Carapali, kanang kamay ni Tabara sa Negros, ay pinagdudahan naman ni Yntrencherado at mga dating kabarkada nila na may hawak na pases ng *safe conduct* galing sa AFP at PNP mula pa 1994.

Ang tuluy-tuloy na pagkakahati-hati at disintegrasyon ng kultong Lagman, gangster na barkadang Tabara at iba pang grupo ng mga kontra-rebolusyonaryong rebisyunistang taksil, ay di maihihiwalay na bahagi ng lubos na pagkabulok at walang-habas na oportunismo. Hindi magtatagal, lubusan na silang mawawasak.

Sa harap ng lubos na pagkabangkarote ng linyang anti-Komunista, anti-Partido at kontra-rebolusyonaryo ng mga rebisyunistang taksil, lalong makabuluhan at kinakailangan ang paglubos ng IDKP at pagpapanibagong-lakas ng mga rebolusyonaryong organisasyon at pakikibaka sa Metro-Manila, Negros at Panay, na pinakamatinding sinabotahe at pininsala ng kanilang operasyong demolisyon. **AB**

HEPE NG PULIS, PINARUSAHAN NG BHB-BOHOL

Pinarusahan ng Bagong Hukbong Bayan ang upisyal ng PNP-Tagbilaran, Bohol na may utang na dugo sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Pinatumba sa pamamagitan ng operasyong isparo ng BHB si Chief Insp. Ruel Lagala, hepe ng pulisya sa naturang lunsod. Isinagawa ang pagpaparusa bandang alas-8 ng umaga nitong Oktubre 5 sa Carmen, Bohol.

Si Lagala ay dating pinuno ng 2nd District Mobile Group ng Tagbilaran na responsable sa pagsalakay sa tahanan ni Felix Pamat noong Agosto 5, 1997 sa Purok II, Bgy. San Roque, Sagbayan, Bohol. Dito pinaslang ng tropa ni Lagala si Cristituto Cagabcab, istap ni Vide Alguna, isang konsultant ng Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas (PDPP). Lubha ring nasugatan ang maybahay at ang tatlong anak nito.

Kinundena ng PDPP ang pagsalakay ng pwersa ni Lagala bilang paglabag sa Pinagsamang Kasunduan Hinggil sa mga Garantiya sa Kaligtasan at Imunidad sa pagitan ng Guberno ng Republika ng Pilipinas at ng PDPP.

AHENTE NG KAAWAY SA AGUSAN, PINARUSAHAN

Ibinuwal ng apat-kataong tim ng BHB ang isang pusakal na kaaway ng mamamayan sa Agusan del Norte.

Pinarusahan ng kamatayan si Deo Ongcad Manguanta, myembro ng Citizen's Armed Forces Geographical Unit o CAFGU, nitong Oktubre 30 sa Nasipit, Agusan del Norte.

Malaon nang iginigiit ng mamamayan sa lokalidad ang pagpaparusa kay Manguanta dahil sa kanyang aktibong papel sa kontra-rebolusyonaryong kampanya ng Armed Forces of the Philippines. Pinamunuan niya ang Kalihukang Nagkahiusang Minorya, isang huwad na kooperatibang itinatag ng 4th Infantry Division ng AFP upang ilihis sa rebolusyon ang mga katutubong Higaonon. Pasimuno rin si Manguanta sa paniniktik at pagrekluta ng mga mamamayang lumad sa CAFGU. Instrumento siya ng malalaking dayuhang korporasyon sa pangangamkam ng lupa sa mga katutubo.

PAGSALAKAY SA MGA SIBILYAN, KINUNDENA NG PARTIDO

Kinundena ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pagsalakay ng tropa ng 9th Scout Rangers Company sa isang bahay sa So. Pulot, Bgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna nitong Nobyembre 6.

Pinabulaanan ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, na may labanang naganap sa naturang reyd.

Alas-5 ng umaga nang salakayin ng militar ang bahay nina Priscilla at Jose Federico. Iligal na inaresto at sinampahan ng kasong kriminal ang mga maybahay, tatlo pang sibilyan at si Ka Jonas, istap ni Ka Roger. Giniba matapos pagnakawan ng mga sundalo ang bahay at tindahan ng mag-asawang Federico. Si Ka Jonas ay itinago at pinagkaitan ng karapatang makipagkita sa kanyang mga kamag-anak at abugado.

Ayon kay Ka Roger, ang mga ito ay tanda ng patuloy pa ring

pagyurak ng GRP sa karapatang-tao ng mamamayan. Tahasang paglabag din aniya ito ng reaksyunaryong gubyrno sa Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-Tao at sa Internasyunal na Makataong Batas. Hinamon ni Ka Roger ang GRP na pangatawanan nito ang pagkapirma sa Kasunduan.

MGA KINATAWAN SA KOMITE PARA SA MAGKASAMANG PAGMOMONITOR, HINIRANG NG PDPP

Hinirang ng Negotiating Panel ng PDPP ang tatlong kinatawan nito sa Komite para sa Magkasamang Pagmomonitor (Joint Monitoring Committee) na susubaybay sa implementasyon ng Komprehensibong Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang-tao at Internasyunal na Makataong Batas.

Sa isang resolusyon na inilabas ng PDPP noong Setyembre 23, 1998, itinalaga si Fidel V. Agcaoili bilang punong kinatawan ng PDPP sa Komite at katuwang na pinuno ng Komite. Hinirang na mga kinatawan at myembro ng naturang komite sina Coni K. Ledesma at Sotero Llamas. Iminungkahi rin ng PDPP bilang mga obserber sa Komite sina Rt. Rev. Alberto Ramento ng Iglesia Filipina Independiente at Marie Hilao-Enriquez ng Alliance of Human Rights Advocates (Karapatan).

Idineklara rin sa naturang resolusyon na magtatatag ang PDPP ng mga upisina sa Pilipinas at sa ibang bansa na mag-aasikaso sa usaping karapatang-tao. Alinsunod ito sa likas nitong karapatan at pagtupad sa hiwalay na mga tungkulin at responsibilidad na itaguyod, ipagtanggol at ipalaganap ang mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas batay sa mga prinsipyo sa pulitika, organisasyon at sirkunstansya nito.

KADAMAYNG MARALITA, ITINATAG

Itinatag nitong Nobyembre 7 ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY), isang pambansang alyansa ng iba't ibang organisasyon sa komunidad ng maralitang-lunsod. Ito ay isang alyansa ng mga mala-proletaryado, kabilang na ang mga samahan ng mga tsuper, mga maglalako, mga kaswal at kontratadong manggagawa, mga natanggal sa trabaho, at mga biktima ng militarisasyon at kalamidad. Hihikayatin ding sumapi sa alyansa ang mga asosasyon ng kababaihan at kabataan sa mga komunidad ng maralitang-lunsod.

Sa kanyang pahayag ng pakikiisa sa kongreso ng pagkakatatag nito, binanggit ni Kasamang Jose Ma. Sison, Tagapangulong Tagapagtatag ng PKP, na matagal nang dapat buuin ang isang alyansa tulad ng KADAMAY. Ani Sison, "tumitindi ang krisis sa kabuhayan at sumasahol ang pagsasamantala at pang-aapi ng naghaharing uri". Iminungkahi ni Sison na isali sa alyansa ang mga manggagawa sa komunidad, kasapi man sila ng isang unyon o hindi. Sa gayon, maitatatag ang mahigpit na ugnayan ng mga manggagawa at mala-manggagawa sa mga komunidad ng maralitang-lunsod.